# MUNGKAHING SANAYANG PANSARILI SA HEOGRAPIYA, KASAYSAYAN AT SIBIKA (HEKASI)

---

Isang Tesis na

Iniharap sa

Kagurupan ng Paaralang Gradwado

Samar State Polytechnic College

Catbalogan, Samar

---

Bilang Bahagi ng mga Gawaing Itinakda

para sa Degring Master sa Sining

ng Edukasyon sa Elementarya

---

JOEL A. ZARTIGA

Marso, 1994

# DAHON NG PAGPAPATIBAY

Itong tesis na pinamagatang, **"MUNGKAHING SANAYANG PANSARILI SA HEOGRAPIYA, KASAYSAYAN AT SIBIKA (HEKASI),"** ginawa at ibinigay ni **JOEL A. ZARTIGA**, pagkatapos na makapasa sa Komprehensibong Pagsusulit ay inatasang humarap sa isang Pasalitang Pagsusulit.

**Pebrero 26, 1994**
Petsa

**ULRICO B. MUSTACISA, Ed.D.**
Tagapayo

---

Pinagtibay ng Lupon sa isang Pasalitang Pagsusulit noong Pebrero 26, 1994 na may gradong **PASADO.**

**RIZALINA M. URBIZTONDO, Ed.D.**
Tagapangulo

**CRESENCIA A. MABINI, Ed.D.**
Kagawad

**MARILYN D. CARDOSO, Ph.D.**
Kagawad

**VICTORIA TAFALLA, M.A.**
Kagawad

---

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng pagtupad ng mga kailangan para sa pagtatamo ng degring **MASTER SA SINING NG EDUKASYON SA ELEMENTARYA.**

**RIZALINA M. URBIZTONDO, Ed.D.**
Dekano, Gradwadong Pag-aaral

Petsa ng Pasalitang Pagsusulit:

Pebrero 26, 1994

## PAGKILALA

Ipinaaabot ng mananaliksik ang kanyang taos puso at walang hangganang pasasalamat sa mga sumusunod na nagbigay ng pasusubaybay, inspirasyon at paghihikayat upang maisagawa ang aklat na ito.

Dr. Dominador Q. Cabanganan, Presidente, Samar State Polytechnic College (SSPC) at dating Dekano ng Paaralang Gradwado, sa pagbukas ng kursong Master sa Sining ng Edukasyong Pang-elementarya (MAEEd);

Dr. Rizalina M. Urbiztondo, Dekano ng Paaralang Gradwado ng SSPC at Tagapangulo ng panel, sa kanyang patnubay at paghihikayat para matapos ang pag-aaral.

Dr. Ulrico B. Mustacisa, Edukasyong Superbisor I (Filipino) Professor at Tagapayo ng mananaliksik sa pasubaybay, pagbibigay ng mahahalagang payo na kungdi sa kanya malamang ang pag-aaral na ito ay hindi agad natamo;

Dr. Jesusita L. Arteche, Superintendente ng Sangay ng Siyudad ng Ormoc at Profesor, sa kanyang rekomendasyon na mapagtibay ng Dekano ang kanyang sulat kahilingan sa pagpapatibay ng suliranin;

Kay Dr. Alberto A. Arellon, Superintendente ng Sangay ng Samar, sa pagbibigay ng pahintulot sa mananaliksik na maipamudmod ang kanyang talatanungan sa mga kalahok ng kanyang sulat kahilingan sa naturang gawain;

Dr. Alfredo D. Dacuro, Edukasyong Superbisor I (English), Sangay ng Samar sa kanyang pagtulong sa pagrebisa ng Kabanata 6, ipinamahagi niya ang kanyang kadalubhasaan sa pagbuo ng instruksyunal materyal pang-elementarya;

Dr. Cosette C. Oliva, Ulo ng Sentrong Pananaliksik at Ebalwasyon ng SSPC, sa kanyang pagtiyak na walang kapareho na mananaliksik ang nagsasagawa ng kasalukuyang pag-aaral;

Gng. Josefina A. Amistoso, ang librarian ng SSPC sa pagkakataong ibinigay sa mananaliksik upang makahiram ng mga aklat, magasin at iba pang sanggunian sa aklatan na kailangan sa pag-aaral;

G. Victor S. Ocaña, Tagamasid Pampurok ng Pinabacdao-San Sebastian, Samar, sa pagpapatibay sa kanyang sulat kahilingan at paghikayat sa mga gurong kalahok sa pagsagot ng talatanungan;

Gng. Yunita B. Tuazon, Punungguronng Tagapag-ugnay sa Purok ng Calbiga, Samar, sa kanyang mabilis na pamahagi at paglikom sa mga talatanungan ginamit sa "dry-run";

Sa mga kasapi ng Panel o Lupon ng Pasalitang pagsusulit, sa kanilang makabuluhang suhistiyon at puna para sa pagpayaman sa nilalaman ng tesis na ito, tulad nina Dr. Cresencia A. Mabini, Dr. Marilyn D. Cardoso, at Bb. Victoria Tafalla;

Kay Engr. Simplicio B. Aculan, Kawani ng Pambansang

Pangasiwaan ng Patubig, Rehiyon VIII, sa kanyang di-masukat na pagtulong sa mananaliksik, tulad ng pagbuo ng mga ilustrasyon at mga karagdagan idiya;

Kay Jocelyn A. Macapañas, Tagatala at Kalihim ng Dekano, sa kanyang di-matumbasang pagtulong sa paghahanda ng manuskrito;

Sa kanyang mga mahal sa buhay, asawa, mga anak, kapatid, kamag-anak at mahal na ina at ama, dahilan sa kanila naisulat ang aklat na ito;

Higit sa lahat, sa Dakilang Panginoon na siyang tanglaw at patnubay sa mga gawain.

Sa kanilang lahat, ang walang hangganang pasasalamat.

J. A. Z.

# HANDOG

Laan ko ito sa lahat . . . .

Sa Panginoong Diyos na tanglaw ko
sa lahat ng mga biyayang nakakamtam!

Sa mga mahal ko sa buhay;
asawa, mga anak,
magulang, kapatid, kamag-anak, kaibigan at
sa mga kasamahan ko sa trabaho.

Sa inyong lahat . . . .
Maraming salamat!

JOEL

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nagtangkang magmungkahi ng isang sanayang pansariling material para sa ikaapat na baitang bilang pandagdag na instruksyunal material sa batayang-aklat, Pilipinas: Heograpiya, Kasaysayan at Sibika. Ang ginamit ng pag-aaral ay isang palarawang pangkalinangang desinyo. Ang mga kasangkot sap ag-aaral ay may kabuuang bilang na labinlimang (15) mga guro sa ikaapat na baiting na kasalukuang nagtuturo ng HEKASI. Sila ay kumakatawan ng isang daang bahagdan (100%) ng mga kalahok. Ang mga nalikopm na datos at impormasyon ay nagpakita na nag preperensya at interes ng mga kalahok ay higit sa pagbuo ng isang "Sanayang Pnasarili" na may dalas ng kasagutan na 9 o 60 bahagdan mula sa labinlimang kalahok. Ang pinakamaliit na dahon ng kasagutan ay ang "kaugnay na Babasahin" na may dalas ng kasagutan na isa o pitong bahagdan. May pangangailangan na mabigyan ng atensyon ang kakulangan ng mga instruksyunal material na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng HEKASI. Kahit ang mga guro ay may sapat na kwalipikasyong edukasyunal kung digri rin lamang ang pag-uusapan kailangan-kailangang pa rin nila ang mga salugurang pagsasanay o iba pang mga gawaing naguugnay sa pagsasakita ng kanilang propesyon. Ang preperensya ng mga kalahok ay magkaroon ng isang sanayang pansarili na maktutulong sa pagtutuo at pagpapakahulugan sa mga layuning nangangailangan ng panlunas at pagpapasidhi ng mga aralin sa mataas-taas na antas ng pag-iisip.

## MGA NILALAMAN


| | |
|---|---|
| DAHONG PAMAGAT | i |
| DAHONG NG PAGPAPATIBAY | ii |
| PAGKILALA | iii |
| HANDOG | vi |
| ABSTRAK | vii |
| TALAAN NG NILALAMAN | viii |

| **KABANATA** | | **PAHINA** |
|---|---|---|
| I. | **MGA SULIRANIN AT SANLIGAN NITO** | 1 |
| | Pasimula | 1 |
| | Batayang Teoretikal | 3 |
| | Batayang Konseptual | 5 |
| | Paglalahad ng Suliranin | 7 |
| | Kahalagahan ng Pananaliksik | 8 |
| | Saklaw, Delimitasyon at Katadaan ng Pag-aaral | 11 |
| | Katuturan ng mga Talakay | 12 |
| II. | **PAGSUSURI NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL** | 15 |
| | Kaugnay na Literatura | 15 |
| | Mga Kaugnay ng mga Pag-aaral | 28 |
| | Kaugnayan ng mga Literatura at Pag-aaral | 34 |

TALAAN NG NILALAMAN
(Krtg.)

KABANATA PAHINA

III. METODOLOHIYA . . . . . . . . . . . . . . . . 35

Ang Disenyo ng Pananaliksik. . . . . . . . 35

Ang Pagpili ng Tagasagot ng Pag-aaral. . 35

Ang Instrumentasyon. . . . . . . . . . . . 36

Pagpapatibay sa Talatanungan . . . . . . . 38

Ang Paraan ng Paglikom ng mga Datos. . . 39

Pagsusuri at Paglalapat Istatistikal ng mga Datos . . . . . . . . . . . . . . 40

IV. PAGLALAHAD, PAGSUSURO AT PAGPAPAKAHULUGAN SA MGA DATOS . . . . . . . . . . . . . . . . . 43

Kasalukuyang Kalagayan ng mga Instruksyunal Materyal sa HEKASI . . . . . . . 44

Uri ng Instruksyunal Materyal. . . . . . 44

Kasapatan o Kawalan ng mga Instruksyunal Materyal . . . . . . . . . . . . . . . 46

Kahandaan ng mga Guro sa Pagsasagawa ng mga Instruksyunal Materyal. . . . . 50

Kwalipikasyong Edukasyunal . . . . . . . 50

Mga Kursong Natapos. . . . . . . . . . . 51

Posisyon/Kalagayan sa Katungkulan. . . . 54

Haba ng Panahon ng Paglilingkod. . . . . 55

Mga Dinaluhan Sanglingkuran Pagsasanay at Seminar . . . . . . . . . . . . . . . 57

Ang Kagamitang Instruksyunal na Naimungkahing sa HEKASI ayon sa Preperensya . 59

TALAAN NG NILALAMAN
(Krtg.)

KABANATA PAHINA

V. LAGOM, KONKLUSYON AT MGA REKOMENDASYON . . 62

Lagom ng Kinalabasan . . . . . . . . . . . 62

Konklusyon . . . . . . . . . . . . . . . . 64

Rekomendasyon . . . . . . . . . . . . . . 64

VI. MUNGKAHING SANAYANG PANSARILI SA HEKASI . . 67

Pasimula . . . . . . . . . . . . . . . . . 67

Nilalaman at Kasanayan Nilinang
ng Mungkahing Sanayang Pansarili . . . . 68

Paglinang ng Sanayang Pansarili. . . . . 70

Pagsusuri Mungkahing Sanayang Pansarili. 70

Paggamit ng Sanayang Pansarili . . . . . 71

Mga Sanayang Pansarili/Kit sa
Sariling Pagkatuto . . . . . . . . . . . 72

TALASANGGUNIAN . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 152

APENDIKS . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 157

A Kahilingan sa Pagpapatibay ng Suliranin . . 158

B Kahilingan Para sa Pagtatakda ng
Tagapayo . . . . . . . . . . . . . . . . . 159

C Mga Kahilingan Para sa Pagsasagawa ng
Pag-aaral . . . . . . . . . . . . . . . . 160

K Kahilingan Para sa Pagtatakda ng
"Dry-run" . . . . . . . . . . . . . . . . 161

E Liham Humihingi ng Pahintulot Pagmudmud
ng Talatanungan . . . . . . . . . . . . . 162

## TALAAN NG NILALAMAN
(Krtg.)


| KABANATA | | PAHINA |
|---|---|---|
| F | Kahilingan Para Huling Pasalitang Pagtatanggol . . . . . . . . . . . . . . . | 163 |
| G | Kautusang Pangkagawaran Blg. 54, s. 1987 . | 164 |
| H | Talatanungan . . . . . . . . . . . . . . . . . . | 168 |
| KURIKULUM BITA . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . | | 173 |
| TALAAN NG TALAHANAYAN AT PIGURA . . . . . . . . . . . . . . | | |

# KABANATA I

## ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO

**Panimula**

Sa panahon ngayon na ng puspusang pagbabago ng kurikulum, maraming bahagi ng pagtuturot pagkatutong pamamaraan ang mga binago upang maiangkop sa kasalukuyang lipunan. Ang mga layunin, pamamaraan ng guro, uri ng pagkatuto at mga paraan sa pagpapahalaga ay iniksamen, rinibisa at pinayaman. Maraming makabagong paglinang ang mangibabaw at patuloy na lumalabas.

Isa sa mga ito ay ang dagdag na pagkamulat ng pangangailangan upang matugunan ang kaibahang pagkatao ng mga mag-aaral sa isang tipikal na pansilid-aralang kalagayan. Ito ay makakamit lamang sa pamamagitan ng isa-isang pagtuturo sa pamamagitan ng paggamit ng sariling pagkatutong mga kagamitan.

Ang pangangailangan ng ganitong uri ng kagamitan sa halos lahat ng asignatura sa elementarya, lalo na sa Heograpiya, kasaysayan at Sibika, ay matagal nang naramdaman ngunit hindi pa rin makamtan hanggang sa kasalukuyang panahon. Kahit na inaamin pa ng mga guro at mga edukador na magkaroon ng matagumpay na implementasyon ng kahit anong programa sa pagtuturo, ang pagkakaroon ng iba't-ibang kagamitan sa pagtuturo ay kinakailangan. Isa sa mga tagapag-

turro ay si Reynaldo Pajardo (1989: 11) sa artikulo "RP'S. Educational Problems" sinabi niya na ang kakapusang batayan at pantulong na mga kagamitan ay siyang sanhi at pinakaugat na dahilan ng mga katiwalian sa ating edukasyon.

Upang masugpo ang suliraning ito, ang kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, sa pamamagitan ng Sentro ng Araling Panlipunan sa Pamantasan ng Pilipinas, ay gumawa ng mga aklat sa Araling Panlipunan para sa elementarya at sekundaryang antas. Kapansin-pansin din na ang isang tekstong aklat ay limitado ang lawak at imposibling maka-linang ng mga kasanayang dapat makamit. Upang mapunan at matugunan ang kakulangang nito, kailangan magkaroon ng mga pantulong o pandagdag na mga gawain.

Ang pag-aaral na ito ay isang paghahangad na makapagdulot ng mga gawain o pagsasanay sa pamamagitan ng sariling pagkatutong materyal upang madagdagan at mapayaman ang teksto sa ikaapat na baitang ng asignaturang HEKASI. Ang sariling pagkatutong materyal ay makatutulong sa mga mag-aaral sa mapanuring pag-iisip. Sa pagkakaroon nito, ang mga mag-aaral ay mailalagay sa mga kalagayang pagkatutong gawain, na hahayaan silang makatuklas ng mga bagay na susukat at natatamong gawain sa tatlong antas ng pagkatuto; ang pag-unawa, pandamdam at saykomotor na mga kasanayan.

Ang sinasabing pagkatutong materyal ay hango sa Minimum

Learning Competencies at kagamitang makapagdudulot ng lubusang pagkatuto o mastery learning at naglalayong makatulong bilang interbensyong kagamitan upang makapagpaunlad at makapagdagdag sa kamulatan ng mga panheograpiyang lokasyon at kalagayan ng bansa, kamalayan ng sariling kultura at sa huli ay maikintal sa pag-iisip ng bawat mag-aaral ang mapanuring pag-iisip ng bawat mag-aaral ang mapanuring pag-iisip at humantong ito sa kanilang kamalayang sosyal. Iniayos ang mga layunin at mga gawain ayon sa lohikal na pagkasunod-sunod at maaari ring matamo sa isang natatakdang panahon.

Ang sinasabing instruksyunal materyal ay talagang makatutulong sa kapwa mag-aaral at mga guro sa pagpapayaman ng aralin. Ang paksang disenyo at mga ehersisyo ay naglayong makatulong sa pagkatuto ng paksang aralin na gagamitin mismo ng mga kinauukulan sa paglinang ng isang kasanayan at pagpapayaman.

Sa kabuuan, ang nilalaman ng pagkatutong materyal ay ibinatay sa teksto ng HEKASI. Pilipinas: Heograpiya at Kasaysayan at ang personal na karanasan ng pananaliksik sa pagtuturo sa nasabing asignatura.

**Batayang Teyoretikal**

Kaalinsabay sa pagbibigay ng may-kalidad na pagtuturo ay ang pangangailangan ng mga guro na makagamit sa mga

pampagtuturong kagamitan. Ang katotohanan, marami sa mga pandagdag sa silid-aralang pagtuturo na ipinakilala ng guro ay bunga ng pagsisikap na ito. Sa ibang paraan, nakakuha rin sila ng interes at atensiyon ng mga mag-aaral dahilan sa panatili nila mismo sa paaralan.

Walang duda na ang paggawa ng mga kagamitang pampagtuturong sa di-maiiwasang gawain ng mga guro sa bawat silid- aralan. Ang ideyang ito ay pinalaki ni Illich (1979: 121) nang sabihin niya:

> Learning must be transmitted from an activity into commodity for which the school monopolizes the market. As it becomes the product of the teaching profession, knowledge can be gained in a greater way with the use of instructional materials.

Maliwanag na ang pagtatangkang ito sa paggawa ng pampagtuturong materyal ay nilalabana ng mga guro at may katwiran silang magreklamo dahil sa kamahalan ng mga materyal, ang siyang nangunguna sa listahan. Ang kahinaan ng mga guro upang matamo ang pangangailangang ito ay maiin-tindihan sa mga salita ni Dr. Valmonte (1983: 179):

> Very so often, the teacher is caught unware on how to stress her finances in the production of instructional materials needed in the school. It seems that the giving of P100 instructional allowance does not respond adequately the cost production needs of teachers.

Mababanggit pa rin dito alinsunod sa mga salita ni Regana (1986: 198):


> An experienced teacher knows, feels and recognizes when to use instructional materials in her teaching to motivate pupils to learn. She can identify the appropriate materials suited to her class.

Ang ideyang ito ay magpapatnubay sa mga guro na maging mapili sa oras na gamitin ito sa mga silid-aralan. Nangangahulugan ito na ang mga kagamitang pampagtuturo ay talagang kailangan ng mga guro kahit sa pagtuturo ng mga simpleng aralin; kaya, kailangan maging isa ito sa mga responsabilidad ng guro sa paggawa ng mga ito kahit na kulang ang bigay na pantustos ng DECS.

Kaalinsunod sa ideya ni Regana, na nagsasabing ang bumubuo ng PRODED, ang paglinang ng kurikulum upang gawing may-kalidad ang edukasyon, kailangan maitama ito sa probisyon ng may-kalidad na kagamitang pampagtuturo. Ang halangkas at nilalaman ng makabagong kurikulum ay bilang pagsunod sa Artikulo 14, Seksiyon 1, na nakasulat na ang pamahalaan ay makapagtataguyod sa karapatan ng lahat ng mamamayan upang magkaroon ng may-kalidad na edukasyon sa lahat ng antas at makagawa ng tamang hakbang upang maranasan ito ng lahat. (PRODED: 1983: 21)

**Batayang Konseptuwal**

Ang Pigura 1 ay nagpapakita ng kabuuang balangkas ng pag-aaral na nakatuon sa iba-ibang hakbang o proseso. Ang takaran o pundasyon ng ilustrasyon ay nasa situwasyunal na




Pigura 1. Ang Balangkas ng pag-aaral na nakatuon sa iba't-ibang hakbang o proseso tungo sa paggawa ng Sanayang Pansarili sa HEKASI.

pangangailangan na dito rin nagsisimula ang palarawang pangkalinangang pananaliksik.

Ang kasunod na kahon ay napapaloob ang mga guro sa HEKASI bilang pangunahing kasangkot sa pag-aaral. Ang pagsisiyasat at pagsasagawa ng sarbey sa mga umiiral na kagamitan sa naturang asignatura ay nasa kasunod na kahon. Ang pagkilala at pagtuklas ng mga kakailanganing kagamitan ang siyang nilalaman ng pangatlong kahon. Mula rito bubuuin ang tiniyak na sanayang pansarili sa HEKASI na siyang tinu-tukoy sa pang-apat na kahon na siyang panghuling bahagi ng proseso. Sa madaling salita ang pag-aaral na ito ay isang siklo ng proseso na tuluy-tuloy ang pagsasagawa.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay nagtangkang magmungkahi ng isang sanayang pansariling materyal para sa ikaápat na baitang bilang pandagdag na instruksyunal materyal sa batayang aklat **Pilipinas: Heograpiya at Kasaysayan** para sa pagpapayaman ng mga pagsasanay sa pangkalinangang akademiko, manipulatibong kasanayan at kanais-nais na saloobin.

Sa katiyakan, nilayon nito na masagot ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang kasalukuyang kalagayan ng mga materyal na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng HEKASI sa ikaapat na baitang, ayon sa mga sumusunod na aspekto:

1.1 Uri ng kagamitang materyal at

1.2 Kasapatan?

2. Ano ang kahandaan ng mga guro sa pagsasagawa ng mga instruksyunal materyal para sa naturang asignatura ayon sa:

2.1 Kwalipikasyong edukasyunal,

2.2 Posisyon/Kalagayan sa katungkulan,

2.3 Haba ng panahon ng paglilingkod at

2.4 Pagdalo sa mga salingkurang pagsasanay/ seminar?

3. Anu-ano ang mga kagamitang instruksyunal na maimumungkahi para sa pagpapayaman ng mga aralin sa HEKASI ayon sa preperensya:

3.1 Silabus,

3.2 Sanayang pansarili

3.3 Isa pang Batayang aklat at

3.4 Kaugnay na mga babasahin?

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

May kahalagahan ang pag-aaral na ito sa mga mag-aaral, mga guro, mga administrador ng paaralan, sa mga superbisor ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, mga tagaplano at tagagawa ng kurikulum sa HEKASI at mga iskolar/mananaliksik sa Araling Panlipunan.

Ang mga mag-aaral ang siyang sentro ng mga gawaing

pampagtuturo at pampagkatuto. Ang mungkahing kagamitang ito ay mahalaga sa mga bata sa kanilang pananaliksik ng mga kagamitan o mga babasahin para matupad o malunasan ang kani-kanilang mga problema at mga takdang gawain sa nasabing asignatura.

Sa tulong ng mungkahing kagamitang pampagtuturo, mababawasan ang mga gawain ng mga guro at ang mga pangangailangan ng mga bata ay maasikaso. Ang pagkasanay sa aralin ay masisiguro dahil ang guro ay makapagbibigay ng atensiyon sa lahat ng mga bata kung nangangailangan sila ng tulong. Makapagtuturo-siya at muling maituturo niya ang paksang-aralin sa mga mahihina sa klase na walang balakid sa pag-unlad ng katamtamang grupo. Ang matatalinong grupo naman ay makapagpapatuloy sa kanyang sarili na hindi rin maapektuhan ang mahihinang pangkat.

Tulad ng mga guro, kung sa pamamagitan ng pananaliksik na ito maipaabot sa mga ulong guro, punong guro, tagamasid pampurok, pangalawang tagapamanihala at mga tagapamanihala ng mga paaralan na mayroon makabago at nakatutugon sa kaibahang pagkatao ng mga mag-aaral na sanayang pansarili sa HEKASI para sa ikaapat na baitang, ang mungkahing kagamitang ito ay magdudulot ng pagbabago sa kanilang pananaw at pamamaraan ng pagmamasid sa mga gawaing pampagtuturo at pagkatuto ng HEKASI, na siyang magdudulot ng higit na tiwala

sa sariling kakayahan, kakayahan sa paggawa at moral sa kanilang napiling propesyon.

Tungkulin ng mga administrador ang tiyakin kung sapat o angkop sa pagpapaunlad at pangkalinangan ng mga layunin sa HEKASI ang itinuturo ng mga guro sa HEKASI. Tungkulin nila ang gumawa ng pananaliksik ukol sa pagtitiyak na ito. Kung sa pamamagitan ng kasalukuyang pananaliksik, makukuha ng administrador ang tunguhin ang kanilang kagamitang pampagtuturo na ito mababawasan ang kanilang suliranin sa mababa at mabagal na pag-unlad ng katayuan ng mga bata sa asignaturang ito.

Higit na makabuluhan ang pag-aaral na ito sa Rehiyun Blg. VIII ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports, sapagkat malaking tulong ang maidudulot ng mungkahing kagamitang ito sa mga kinauukulan ng naturang kagawaran. Marahil hindi man sila gagawa ng aktuwal na pananaliksik ngunit mayroon na silang maaasahang mga gurong may kabatiran o kasanayang nakalaan para sa mga mag-aaral na siyang magsisilbing huwaran para sa pagtuturo ng HEKASI sa ikaapat na baitang.

Para sa mga iskolar at mananaliksik sa Araling Panlipunan, ang kasalukuyang pag-aaral ay magsisilbing isang hanguan ng mga kaugnay na literatura lalo na sa paglinang ng mga instruksyunal materyal. Pagkatapos masuri

at mabigyang kahulugan ang mga datos ang mananaliksik ay magmumungkahi na lamang na magsagawa ng iba pang pag-aaral lalung-lalo na sa pagkabalido ng iminungkahing kagamitan na ito.

**Saklaw, Delimitasyon at Katakdaan ng Pag-aaral**

Saklaw ng pag-aaral na ito ang pagbubuo ng isang sanayang pansarili sa Heograpiya, Kasaysayan at Sibika para sa ikaapat na baitang, bilang suplemento sa kasalukuyang teksto, Pilipinas: Heograpiya at Kasaysayan.

Ang kagamitang ito ay idinisenyo para sa Purok ng Pinabacdao - San Sebastian, Sangay ng Samar, ito ay magsisilbing huwarang patnubay o batayan sa lahat ng baitang hindi lamang sa Purok na nabanggit kundi pati na rin sa iba pang Sangay ng Rehiyon VIII.

Isinasagawa ay pag-aaral sa Taong Panuruan 1993-1994.

Sa katiyakan, sinasaklawan din dito sa sariling pagkatutong kagamitan ang mga batayang konsepto sa Unang Yunit-Lokasyon at Klima na binubuo ng tatlong kabanata: Ang Mundo; Lokasyon at Klima at Kinalalagyan at Klima ng Pilipinas.

Mayroon labing-isang (11) paaralang at labibglimang (15) mga gurong kalahok sa pag-aaral.

Ang kagamitang ito ay nakasulat sa Filipino bilang pag-

alinsunod sa mga layunin ng Programang Edukasyong Bilingguwal ayon sa Kautusan Pangkagawaran Blg. 54, s. 1987.

**Katuturan ng mga Talakay/Katawagan**

Ang mga sumusunod na mga salita ay binigyan ng katuturang konseptuwal at operasyunal upang maunawaan ng pag-aaral na ito:

**Guro ng HEKASI.** Ang mga gurong nagtuturo sa Heograpiya, Kasaysayan at Sibika sa ikaapat na baitang.

**HEKASI.** Ang asignatura sa Baitang IV hanggang VI ng Heograpiya, Kasaysayan at Sibika.

**Kakayahan.** Ayon sa gamit dito, ito ay nangangahulugang kagalinangan ng guro sa paggamit ng istratehiya at kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng HEKASI.

**Kasanayan.** Ito ay nangangahulugan ng mataas-taas na antas sa pagkilala ng konsepto o natamong pagsasagawa. (Lavin: 1971: 16).

**Kasapatan.** Ayon sa pag-aaral na ito, ito ay nahahati sa apat na kategoriya. Sapat na sapat, ang mga instruksyunal materyal ay higit sa kabuuang bilang ng mga gumagamit; Sapat, ang mga instruksyunal materyal ay kasindami sa kabuuang bilang ng mga gumagamit nito; Di-sapat, ang mga instruksyunal materyal ay hindi makatutugon sa pangangailangan ng mga gumagamit; Wala ang mga

instrusyunal materyal ay hindi napakikinabangan o walang-wala talaga.

**Manipalatibong Kasanayan.** Ito ay tungkol sa pagsasagawa ng isang tiyak na gawain pagkatapos malaman at maisaloob ang isang konsepto. Ito ang pangkatapusang pagsubok maaaring aplikasyon sa nabanggit na kasanayan, tulad paggawa ng listahan, pagguhit ng mapa, paggawa ng tsart at mga grap, paggawa ng proyekto, paggawa ng mga kagamitan sa entablado, pagguhit ng mga larawan at mga karikatura (Lavin: 1971: 18).

**Minimum na mga kasanayan sa pagkatuto.** Ito ay talaan ng mga kasanayang dapat na matutuhan ng mga mag-aaral na iniayos mula sa pinakamalaki o pinakapayak hanggang sa pinakamahirap na layunin. (ELC: 1982: 8).

**Pagkagamitin.** Nangangahulugan ng kaangkupan, kabisaan at pagkagamitin ng sariling-pagkatutong mga kagamitan sa mga mag-aaral pagkatapos maipakita sa kanila ang mga gawaing kasali dito.

**Paglinang ng kurikulum.** Ito ang proseso/pamaraan ng patuloy na pagpapahalaga ng programa ng paaralan ayon sa nangingibabaw na mga pangangailangan, maging sa pagpapatupad ng mga pagbabago pagkatapos maipasya ng pagpapahalaga kung saan kinakailangan at pagpalakad ng kasalukuyang programa ng edukasyunal samantalang ginagawa ang mga pagbabago.

(Aquino: 1971: 137).

<u>**Pang-akademikong kasanayan.**</u> Ito ang kasanayan nasasangkot sa paglinang sa pag-unawa. Kasama rito ang pagtatanong, paglalahad ng mga ipotesis, paghanap at pagsuri ng paglalahat, pagsama-sama at pag-iba-iba at pagsasabi ng mga katularan. Pagpapakahulugan sa mga simbolo, mapa, grap, mga tsart, pagsusunod-sunod ng mga pangyayari, pagbubuo ng mga maliit na ideya upang lumawak at pagdating sa konklusyon (Anderson: 1970: 86).

<u>**PRODED.**</u> PROGRAM FOR DECENTRALIZED EDUCATIONAL DEVELOPMENT, isang akronim sa ilalim ng New Elementary School Curriculum (NESC). Ito ay naglalayong mapataas o mapa-unlad ang pagtuturo at maiangat naman ang antas ng pagsasagawa ng mga mag-aaral pagkatapos ng mga salingkusang pagsasanay at seminar, upang matamo ang may kalidad na edukasyon.

<u>**Sariling Pagkatutong Kagamitan.**</u> Ayon sa pag-aaral na ito ay yaong mga kagamitan para sa sariling pagkatuto sa pagtuturo ng HEKASI na maaaring magawa at matapos ng bata samantala wala ang guro.

# KABANATA II

## PAGSUSURI NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Upang mapayaman ang pananaliksik na pinamagatang, "Mungkahing Sanayan Pansarili sa Heograpiya, Kasaysayan at Sibika", ang mananaliksik ay naglaan ng mahabang panahon sa pagsiyasat at pagsusuri ng mga aklat, teses, disertasyon at mga peryodikal, nalathala at di-nalathalang manuskrito at iba pang mahahalagang dokumentong nauugnay sa pananaliksik na ito. Ang lahat ng mga materyal na ito ay isinama upang makapagpaliwanag at magbigay ng nilalaman sa naturang pag-aaral.

### Kaugnay na Literatura

Sa larangan ng pagtuturo ng Aralin Panlipunan ang guro ay nangangailangan ng propesyunal na pagsasaalaala at pilosopiya sa kaugnayan ng tao sa kalikasan at kanyang kapatiran ngunit kasama ang kabatiran ng pag-unlad ng mga mag-aaral at pangkalinangan. Si Guillin (1978: 428) ay nagbigay ng ideya na ang pinakamalaking pag-asa para sa pag-unlad ng Araling Panlipunan ay nakatuon sa mabisang edukasyon ng mga guro at sila mismo ay may kapananagutang maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral at mapaunlad ang sarili sa kanilang trabaho.

Binigyan ni Fortunato (1990: 287) tuon ang kahalagahan

ng mga instruksyunal materyal sa mga silid-aralan. Binigyan pa rin niya ng empasis na ang resultang pagkatuto mula sa interaksiyon ng bata ng kanyang kapaligiran ay limitado sa mga antas ng mga materyal na kanyang tinatrabaho. Ang kasalatan ng kapaligiran na walang sapat ng mga instruksyunal materyal na nag-aalok ng maliit na karanasan kaysa sa isa na mayroong iba't ibang piniling instruksyunal materyal na ginagamit.

Ang mga layunin at pagtuturong istratehiya ay nangangailangan ng mga materyal at karanasang pagkatuto. Sa isang malawakang antas, karaniwan sa mga instruksyunal materyal ang maaaring iakma sa pamamagitan ng paggamit ng naaangkop sa istratehiya sa pagtuturo upang makamit ang isang tiyak na gawaing pagkatuto. Si Leo (1979: 81) ay nag-aral sa "Ang Bata at Kanyang Kurikulum" ay nagpakita na ang materyal sa pagtuturo at pamamaraan ay nagbigay ng tunay na kaibahan sa pagtanggap ng mag-aaral ng layunin at kanyang patuloy na pagsisikap upang makamit ang kanyang mithi. Gayunpaman, ang isang mahusay na guro ay dapat makapaghanap ng kalagayang pagkatuto na maaaring panghamon sa mga mag-aaral.

Ang pagpili ng mga materyal sa madaling kapaligiran at paggamit ng kapaligiran na nasasaklawan ng bata ay maaaring makapagdulot ng pagdulog sa produkto ng pangkalinangang

instruksyunal materyal. Bukod pa riyan, ang pagpili ng mga suliranin bilang produktong pangkalinangang instruksyunal ay magbigay daan tungo sa kawili-wiling mga gawaing pansilid-aralan. Si Baker (1983: 168) ay nagmungkahi na kung ang guro ay kasangkot sa pangkalinangang produktong instrusyunal, ito ay sapilitan na ang kanilang pakikilahok ay posibling makatutulong.

Ang mga instruksiyon sa silid-aralan ay kalakhang nasa pagtataya ng kakayahan ng guro sa pagpaplano ng mga aralin nakatuon sa mag-aaral upang makapaglaan at mapasulong ang mataas na antas sa pakikilahok ng mag-aaral. Si Orata (1984: 171) ay nagturo na ang mabisang pagpili ng nilalaman ay maaaring nasa konteksto ng malinaw na maitatag ng mga layunin at kung paano natuto ang mga mag-aaral na magkaroon ng mas matagal na impak na ang tiyak na set ng mga mag-aaral ay masigasig at makahulugang nakasasangkot sa kani-kanilang pagkatuto, ang suliraning instruksiyon pansilid-aralan ay mabawasan.

Ang pag-aaral na isinasagawa ni Ragan (1979: 205) ay matatag na sumusuporta sa konseptong binanggit. Ang huli ay nagpapatunay na ang pinakamahalagang gawain na dapat isakatuparan ng isang guro ay ang paggamit ng isang mabisang pinagkukunan para sa pagkatuto. Samakatuwid, ang mga batayang aklat ang pangunahing pinagkukunan ng pagkatuto sa

mga paaralang elementarya ng 1900, ang mabisang pagkatuto sa kasalukuyan ay sumasangkot ng pag-unawa sa paggamit ng batayan, matalinong paggamit ng aklatan pampaaralan at koleksiyon pansilid-aralan, mabisang paggamit ng pelikula at iba pang kaugnay na mga instruksyunal na materyal.

Nakapagtataka na ang mga paaralan natin ngayon ay nasa kasalatan ng mga pasilidad para sa pagkatuto at iba pang mga suliraning kinakaharap sa mga antas elementarya. Ayon kay Wesley (1982: 18), ang isang kurikulum ay nililinang sa palibot ng isang sitwasyon ang kinahaharap ng isang mag-aaral ay nangangailangan ng isang malawak na agwat ng instruksyunal na materyal na nagawa at nakahandang gamitin. Sa pagbabalik-tanaw, ang malapitang pagsusulit ng ganitong sitwasyon ay magbibigay daan tungo sa atin din na makapag-isip ng mga bagay sa paghahanda ng mga instruksyunal na materyal na maaaring magamit para sa pangangailangang ng mga mag-aaral at guro nang sa gayon ito'y magbunga ng mabisang pagtuturo't pagkatutong sa mga kinauukulan.

Ang mabisang paggamit sa pagkatuto ng mga materyal na pinagkunan ay isang walang humpay na kalagayan sa buhay. Tulad ng isang karanasang sa pakikilahok sa pagplano at pagtatakda ng mga gawaing pang-araw-araw ay nakaaambag sa kasanayan na mahalaga sa isang mag-aaral sa kasalukuyang daigdigan para na rin sa karanasan sa pagpili at pagkuha ng

mga materyal. Ang pag-aaral na isinagawa ng parehong mananaliksik ay nakapagbigay ng karagdagang impormasyon na ang mga materyal na ginamit sa paglinang ng mga kasanayan sa pagbasa, pagtutuos, palabaybayan at wika ay dapat maging pantay at maiaangkop na iba-iba ng kalagayan. Ang mga pantulong na aklat sa pangkalinangan ng kasanayan ay nangangailangang makapagsilbi para sa nagpapatuloy ng mga karanasan at hindi namamahala sa kanila (Wesley: 1982: 24).

Sa ngayon na tayo ay namumuhay sa isang pabagu-bagong daigdig at ang pang-araw-araw na karanasan at walang humpay na sitwasyon ay nagpapakita na hindi katulad na karanasan ang maaaring mamagitan sa darating na lima at sampung taon mula ngayon hanggang sa nagpapatuloy ang kagayot na pagbabago ng kapaligiran kasama na rito ang lipunan. Walang patnubay sa pangkalinangan ng kurikulum ay nakatuon sa walang humpay na suliranin sa pang-araw-araw na pamumuhay na maaaring maging istatik gaya sa isinasaad ng mananaliksik na isa sa mga sksiyong panghamon ay para sa mga guro na makapagsagawa ng maugnaying pag-aaral para sa mga mag-aaral sa pagpapabuti ng kurikulum sa pamamagitan ng paggamit ng mga instruksyunal na materyal na dapat isang pagpapatuloy na propesyon (Wesley, 1982: 19).

Si Fortunato (1990: 294) ay nagpatibay na ang mga ideyang ito ay nagtala na ang kabataan ay dapat maging handa

pagpapabuti ng mga kahinaan sa kurikulum. Natural lamang tulad ng kakayahan sa pagbibili, kakayahan ng kaguruan at ang antas ekonomiko ng mga mag-aaral ay isinaalang-alang bago ibinibigay ang hudyat sa pagsulat.

Sa pag-aaral ni Lacambra (1985: 6) nabanggit niya ang ideya ni Collete (1975: 519) na ang pinakamalaking hamon sa edukasyon sa kasalukuyan ay ang maglaan ng mga paraan ng isang tao ay mapauunlad sa labis ng kanyang pagtubo at hangga't saan siya makararating. Ang teknik sa edukasyong pangmasa ay karaniwang ginagamit na di-nababagay para sa mag-aaral na dapat umumlad ng tuluy-tuloy o mas mahina o sa ibang direksiyon. Itong suliranin ay di-malulutas sa akselerasyon ng mga grado sapagkat ang mga estudyanteng binibigyan ng ganitong pagtingin ay kumakaharap ng maraming problemang dapat mahiakma. Ang problemang sosyal ay tinukoy rin ng mga oportunidad na mailalarawan sa loob ng batayang programa ang mapangalagaan ang indibidwal na kaibahan ng mga estudyante. Tinitiyak din ang mga pagpapangkat sa malayang paggawa at indibidwal na instruksyon ay maaaring magamit sa kapwa mabilis at mahinang mag-aaral kung ipinahihintulot ng mga pasilidad.

Kaya nga, may pangangailangan sa programang edukasyunal na dapat maging flexible upang makapagtanggap ng mga iba-ibang indibidwal na kaibhan na umiiral sa alin mang pangkat

ng mga mag-aaral. Ang ganoong mga programa ay maaaring matukoy bilang isahang programa sa instruksyon dahilan sa ang kanilang partikular na atensiyon ay nakatuon sa pagkakaiba at pangangailangan ng isang mag-aaral na nakalaan na programa.

Si Sanqui (1992: 370) ay nagsasaad na isa sa mga pangunahing inobasyon ay ang paggamit ng instruksyunal materyal. Ang modyul ay isang medyum ng pagdulog pang indibidwal ay napapanahon sapagkat ito ay masyadong ginagamit sa pagtupad ng indibidwal na potensiyal. Sa katunayan, ito ay paraan sa pagbibigay hidwaan ng pamaraang tradisyunal sa pagtuturo ng Araling Panlipunan sa pag-alok ng bago at iba-ibang gawain sa pagtuturo ng natatanging kasanayan na ang lahat ay nakatuon sa pagpapalabas ng potensiyal na estudyante.

Sa pagpapatuloy ng kanyang pagpapaliwanag ng isang masistemang modyular na instruksyon, pinaniniwalaan na ang indibidwal na mag-aaral ay nakapagpapasulong sa kanyang optimum na pag-unlad dahilan sa ang bawat indibidwal ay may kanyang hulwarang pagtubo ayon sa kanyang sariling pag-unlad at sariling kakayahan sa pagkatuto.

Ayon kay Torralba (1983: 24) sa kanyang papel "Education and Development Learning Modules as Instructional Materials," ang totoong modyul ay isang tugon para sa

pangangailangan ng lumilinang na bansa tulad ng Pilipinas na mayroon di-sapat na lohistika para sa isang mabilisang dumaragdag na populasyon sa mga paaralan. Sa pamamagitam nito ang mga instruksyon ay maaaring isa-isa at mula rito ang mga mag-aaral ay matututo ng kahit na nasa labas ng paaralan.

Ang pilosopiya sa likod ng pagkatutong modyul ay nakasabit sa pangkalahatang tinanggap na patutuo na ang isang bata ay naiibang indibidwal na mayroon sanligan, karanasan, likas na katangian, ugali at istilo ng pag-aaral na naiiba sa ibang indibiwal, sa gayon dapat siyang tumubo at luminang sa kanyang labis na potensiyal sa kanyang paghakbang. Ang modyul bilang instruksyunal na materyal ay nagtataglay ng mga katangiang maaaring maging malaya ang isang mag-aaral, sariling hakbang o pag-unlad at sa kanyang pagtubo, pinahihintulutang masukat na matagpuan ang pangangailangan ng indibidwal na pagkakaiba at nakaambag sa damdamin o tagumpay kahit na siya magpakumbaba hangga't sa katapusan, madama ang sariling kasiyahan ay matamo.

Sa kabilang dako, ipinaliwanag ni Cuasay (1991: 284) na ang bawat guro ay masyadong abala. Wala silang panahon para maghanap ng naaangkop na mga kagamitan sa pagtuturo. Nararapat lamang na sila ay mapagharapan ng mga inihandang materyal na isinagawa ng mga manunulat at mananaliksik sa

dahilan na ang pagtuturo ay isang simbayotikong proseso.

Sa isang modyul ng PRODED (Program for Decentralized Educational Development) na pinamagatang "The Teacher as a Manager of Learning: Focus on the Teacher" ay nagsasabing hindi lamang ang paaralan ang nagdudulot ng pagkatuto sa mga mag-aaral at ang pagkatuto ay nagaganap rin di lamang sa loob o sa labas man ng paaralan ay mga kapaligirang pampagkatuto (PRODED: 26).

Binanggit din sa nasabing modyul na dahilan sa palawak nang palawak na kapaligiran pampagkatuto ng isang mag-aaral, lumalawak din ang tungkulin ng isang guro sa kasalukuyan. Sa panahong ito, ang guro ay hindi lamang tagabigay ng kaalaman. Siya ay isang pasiliteytor, isang komunikador, isang tagapagsanay at higit sa lahat, siya ay isang manedyer ng kapaligirang pampagkatuto.

May kaugnayan ang nabanggit na modyul ng PRODED sa kasalukuyan pag-aaral sapagkat tulad ng sinasabi ng modyul, ang guro sa HEKASI ay dapat maging isang pasiliteytor ng pagkatuto sa pamamagitan ng paglinang ng mga kasanayang pang-akademiko at manipulatibong kasanayan sa pamamagitan ng paggamit ng mga aklat at babasahin tumutugon sa mga kawilihan at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang mga teksto at batayang aklat ay bahagi ng kapaligirang pampagkatuto ng mag-aaral na dapat bigyang

pansin ng guro bilang isang tagapamahala o manedyer ng pagkatuto. Gayunpaman ang mga aklat at mga babasahin sa mga aklatan ay dapat tumugon sa mga pangangailangan at kaangkupan sa mga aralin na siyang sinisikap tuklasin at matamokasalukuyang pananaliksik.

<u>Kaugnay na mga Pag-aaral</u>

Pinaniniwalaan na upang maging mabisa ang pagtuturo sa makabagpng panahon ay dapat bigyan ng kahalagahan ang mga gawain ng mga mag-aaral sa silid-aralan. Maraming mga pag-aaral ay isinagawa noon tungkol sa pangkalinangan ng mga instruksyunal na materyal. Ang paggamit ng mga instruksyunal na materyal ay imperatibo sa larangan ng pagtuturo.

Ang pangkalinangan ng edukasyon ay sapilitang dumaragdag para mabago ang mga layuning pampaaralan, ma-<u>reorient</u> ang mga inaalok na kurso, maglapat ng mga bagong tekniko o istratehiya at pagtuturo ng halaga at paniniwala. Ito ang naging pag-aaral ni Espina (1987: 204) sa "Development Songs for the Elementary Schools: A Proposed Supplementary Repertoire", sa Leyte State College, Lungsod ng Tacloban na ang Sentral na pinagtuunan ay ang produksiyon ng pangkalinangan ng mga orihinal na mga awit bilang binalak na supplementary repertoire para magamit ng mga paaralang elementarya ng rehiyon. Bukod pa, ito ay inilaan na mapayaman ang umiiral na instruksyunal na materyal na may mga

awit na nagpapakita ng mga kalakaran ng DECS at isasanib sa kurikulum ng paaralang elementarya.

Nilinaw ng awtor na ang mga awit ay ipinalalagay na mas epektibong paraan sa paglinang ng pagkamulat ng kalakaran. Iminungkahi din niya na ang mga bagong awitin ay bubuuin at dapat matagpuan sa mga paaralan ng rehiyon. Ang pagkamatagpuan ng mga awit ay maaaring makapagsiguro sa integrasyon ng mga kalakaran sa talakayan sa klase na nauugnay sa buwis, KKK, edukasyon konsyumer, konserbasyon sa enerhiya, biyayang dagat at makataong programa ng paninirahan ng pamahalaan. Ang pag-aaral ni Dacuro (1982: 75) ay nagtangkang bumuo ng multi-level na pansariling-instruksyunal na materyal na makatutulong sa mga mag-aaral sa ikaapat na baitang na magkaroon ng kasanayan sa pagbasa. Napag-alaman sa naturang pag-aaral na ang ideya na sariling-gawang materyal ay nakapagpapaisip sa mga mag-aaral na maging mas sensitibo, aktibo at sariling direksiyon.

Ang katawagang maraming antas o "multi-level" instruksyunal na materyal sa gawa ni Dacuro ay labis na naaangkop sa pagsasagawa nitong pag-aaral. Gayunpaman, ang instruksyunal na mabubuo ng mananaliksik ay hindi lamang magagamit sa isang antas ng grado ngunit sa pagtuturo ng mga halaga sa Araling Panlipunan.

Ang pag-aaral ni Tamidles (1989: 156) na nakatuon sa

produksiyon ng instruksyunal na materyal para sa pagtuturo ng halaga sa Araling Panlipunan, sa konklusyon niya ay nagpakita na ang mga guro sa Purok ng Alang-alang II, Sangay ng Leyte ay gumagamit ng instruksyunal na materyal sa pagtu-turo ng halaga na ang kakulangan ay nakasabit na ng kadala-san sa produksiyon ng "value prompters, value sheets, value continuum, value analysis and value chart," ayon sa respek-tibong pagkasunud-sunod at sa pangangailangan.

Ipinag-alam niya batay sa konklusyong nakuha na sa pangkahalatan ang mga guro ay di masyadong nakagagamit ng mga instruksyunal na materyal kaya may mga pangangailangan magsagawa ng isang gawaing-kapulungan sa purok na ang mga naturang instruksyunal na materyal ay nasasaklawan sa proseso.

Si Apurillo (1987: 165) sa kanyang pag-aaral sa "Value Sheets for Value Clarification in Social Studies for Grade Six," ay nagbigay ng konklusyon na ang pagkamagamitin ng inihandang value sheets para sa klaripikasyon ng halaga ay hindi lamang makapagpapabilis ng pangkalinangan ng mga kasanayan ng mag-aaral na nakatukoy sa mga larangan ngunit ito ay mag-alok ng kalutasan sa kakulangan ng ganitong uri ng mga halagang pagtuturo. Ang paglalapat ng mga klase sa Araling Panlipunan ay di-mapapabayaan.

Si Calud (1982: 96) sa kanyang "Modular Teaching the

Introductory Concepts and Functions in Trigonometry" nakatuon ang kanyang pag-aaral sa konklusyon ng module upang magkaroon ang estudyante ng katamtamang pagkatuto at kalinsabay magsilbi ito bilang mabisang panhalili para sa guro sa pansilid na instruksyon.

Ang konstruksyon ng modyul ay ibinatay sa patnubay ng kurikulum na inihanda ng EDPITAF. Isang 75-aytem na nagsilbing pre-test at post-test ay binuo batay sa paksang araling tinalakay sa modyul. Ang MIST ng tagasagot ay pinili batay sa kanilang I.Q. at pagtatamo sa Agham, Matematika at Ingles.

Ang kinalabasan ng pag-aaral ay nagpakita na ang mga tagasagot ay nakapagsasagawa nang mas mabuti sa post-test kaysa sa pre-test. Ito ay nakapagpauna sa konklusyon na ang mga estudyante ay napabilis ang pagkatuto at nakapagarantiya sa kabisaan ng modyul bilang instruksyunal materyal. Batay sa konklusyon Itinagubilin na ang natitirang mga yunit sa patnubay ng kurso ay dapat maging modularized upang magkaroon ng pagkakatuluyan ng pagkatuto sa mga programang materyal.

Ang pag-aaral ni Soneja (1982) ay naglayong makilatis ang produksyon at pangkalinangan ng pagtuturo at pagkatutong materyal ng mga guro sa lahat ng mga paaralang Elementaryang Sentral ng Catanduanes. Ang sarbey ay nagpakita ng di-

kasapatan ng materyal na <u>attributed</u> sa halagang-kaugnayan ng mga problema at kakulangan ng salingkurang pagsasanay ng mga guro sa materyal na produksyon. Itinagubilin din niya na ang mga guro sa elementarya ay dapat magsagawa ng propesyunal na salingkurang pagsasanay sa pagbubuo ng mga materyal; mga paaralang pagsasanay pangguro ay maglaan ng produksyon ng mga materyal sa pagtuturo bilang pangangailangang kurso; at mga gawaing kapulungan sa produksyon ng mga instruksyunal na materyal ay ialok sa mga guro.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral ni Tamayo (1984) ay nakabuo ng isang manwal para sa ikatlong baitang, isang instruksyunal na materyal na natutungkol sa pangkalinangang halaga. Ang kinalabasan ng kanyang pag-aaral ay nagpakita na walang mga <u>indigenous</u> na materyal na matatagpuan para sa mga guro sa Filipino na natutungkol sa pangkalinangang halaga. Pinaniniwalaan niya na sa pamamagitan ng nararapat na manipulasyon ng mga pagdulog, teknik at mga istratehiya na iminumungkahi sa materyal, ang guro epektibong maililipat ang mga positibong halagang Filipino, mapanibago ang negatibong halaga at matamo ang layunin ng edukasyon upang maging produktibong mamamayan sa lipunan. Inaasahan itong matutulungan ang mag-aaral na maitatag ang kanyang pagkakilanlang Pilipino na kakailanganin para sa pag-unlad

at pagbuo ng bansa.

Nakatuon ang pag-aaral ni Laboga (1986) sa mga balak na instruksyunal na materyal tungkol sa <u>indigenous cultural minorities</u> ng Pilipinas na maaaring magamit para sa sekundaryang Aralin Panlipunan. Ang panghuling layunin ay ang pamayaman, uilang saligang pangkabatiran ng mga guro sa Araling Panlipunan sa pagpapayaman ng <u>indigenous</u> instruksyunal na materyal para sa integrasyon ng aralin ng mga kultural na minorities.

Ang kinalabasan sa pag-aaral ni Encarnacion (1989: 141) ukol sa paggamit ng mga kagamitang panturo, lahat halos ng mga guro ang nagsasabing malimit, malimit na malimit o palagi nilang ginagamit ang mga tradisyunal at kumbensyunal na mga kagamitang panturo tulad ng mga aklat, patnubay ng guro, mga kaugnay na babasahin, dahil sa mas may sapat na kasanayan kaysa sa bagong mga kagamitan na ginagamit ngayon.

Ayon kay Villas (Mayo: 1991: 58) sa kanyang pag-aaral na pinamagatang, "Ang Bayan Muna, Bago ang Sarili sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino sa Antas Tersyarya" na ang kasalukuyang mga aklat na ginagamit sa pagtuturo ng mga Panitikang Pilipino ng limang paaralang tersyarya sa Lungsod ng Tacloban ay hindi sapat ang gamit sa dami ng mga mag-aaral at mga gurong gumagamit nito. Kulang din ang mga silid-aklatan ng mga paaralang ito ng sapat na babasahin kagaya ng mga magasin, mga nobela, pahayagan, sanayan at iba

pang kaugnay na mga babasahin sa wikang Filipino.

Iminungkahi pa ng nasabing awtor na ang mga mag-aaral sa tersyarya ay dapat unahing gamitin ang mga katutubong kagamitan sa larangan ng pag-aaral ng panitikan kaysa sa mga banyaga.

Sa lahat ng mga nabanggit na mga literatura at pag-aaral, ang mananaliksik ay nakapag-isip ng paglinang ng instruksyunal na materyal sa pagtuturo ng Heograpiya, Kasaysayan, at Sibika (HEKASI) para sa mga mag-aaral sa ikaapat na baitang.

## Kaugnayan ng mga Literatura at Pag-aaral

Ang lahat ng mga literatura at pag-aaral na sinuri sa kabanatang ito ay nauugnay sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ito ay nakatuon sa pangkalinangan at produksiyon ng instruksyunal na materyal. Ang mananaliksik ay nagmungkahi ng redireksyon ng kurikulum, pananaliksik sa inobatibong pamaraan, pagpapaunlad ng pagsasanay pangguro at gawaing kapulungan sa produksiyon at paghahahanda ng mga bagong instruksyunal na materyal na para sa indibidwal na instruksiyon. Datapwat ang lahat ng mga kaugnay na sinuring literatura at mga pag-aaral ay naiiba sa kasalukuyang pag-aaral sa ilang aspekto tulad ng lugal ng pag-aaral ang instrumentasyong ginamit at ang bilang, grado o antas ng mga tagasagot o impormante.

# KABANATA III

## METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng madetalyeng talakayan ng mga pamamaraan sa partikular na desinyo ng pananaliksik, instrumentasyon, balidasyon, paglikom at paglalapat istatistikal ng mga datos. Binubuo rin dito ang mga panukatang may kaakmang pormula at katumbas sa pagbibigay ng interpretasyon sa mga datos na nalikom.

### Ang Desinyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isang palarawang pangkalinangang pananaliksik. Nakatuon ito sa pangkalinangan para sa pagsasagawa ng sanayang pansarili sa pagtuturo ng Heograpiya, Kasaysayan at Sibika (HEKASI) para sa ikaapat na baitang. Ang pangunahing instrumentong ginamit ay ang talatanungan at pagsusuri ng mga dokumento. Ginamit din dito ang pagmamasid upang masubok ang mga impormasyong nalikom.

### Ang Pagpili ng mga Tagasagot sa Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay binubuo ng labinlimang mga guro (15) na nagtuturo ng Heograpiya, Kasaysayan at Sibika sa ikaapat na baitang. Kumakatawan ng isang daan bahagdan (100%) ng mga kalahok sa pag-aaral at kasalukuyang nagtuturo sa Taong Panuruang 1993-1994 sa Purok ng Pinabacdao - San

Talahanayan 1

Distribusyon ng mga Gurong Kalahok sa Pag-aaral

| Bayan | Paaralang Kasangkot | Bilang ng Guro sa Ika-4 na Baitang |
|---|---|---|
| Pinabacdao | Parasanon | 1 |
| | Mambog | 2 |
| | Bangon | 2 |
| | Pinabacdao Sentral | 2 |
| | Obayan | 1 |
| | Calampong | 1 |
| San Sebastian | San Sebastian Sentral | 2 |
| | Balogo | 1 |
| | Camanhagay | 1 |
| | Candoyocan | 1 |
| | Hitaasan | 1 |
| Kabuuang Bilang | 11 | 15 |

Sebastian, Sangay ng Samar.

## Ang Instrumentasyon

Isang set ng talatanungan ang inihanda ng mananaliksik. Ito ay para sa mga guro ng HEKASI sa ikaapat na baitang. Bukod dito ang pagsusuri ng mga dokumento, pakikipanayam sa mga kinauukulan at pagmamasid ay ginamit ng mananaliksik

upang masubok ang mga impormasyong nalikom na.

**Ang Talatanungan.** Sa pagbuo ng talatanungan, ang mananaliksik ay lumikom ng mga ideya at kaisipan sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsusuri ng mga literatura, mga kasulatan, mga nalathala at di-nalathalang pag-aaral. Bukod pa rito, sumangguni rin siya sa mga may karanasan at mga kabatiran sa pagbuo ng mga talatanungan. Tumanggap din niya ang mga mungkahi at puna sa kanyang tagapayo. Ang lahat ng mga ito ay masusing pinag-aralan bago maisama sa pagbuo ng instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito. Ang talatanungang nabuo ay nahahati sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay sanligang impormasyon ng mga kalahok. Malalaman dito ang mga datos personal, saklaw ng pagtuturo at paglilingkod sa paaralan at ang mga seminar na dinaluhan ng mga guro tungkol sa pagsasagawa ng mga instruksyunal na materyal sa HEKASI, sa antas nasyunal at rehiyunal, antas pansangay at antas pampurok. Ang ikalawang bahagi ay tumutukoy sa mga kasalukuyang kalagayan ng mga instruksyunal na materyal na ginagamit sa pagtuturo ng HEKASI sa ikaapat na baitang. Tinutukoy din dito ang kahandaan ng mga guro sa pagsasagawa ng mga instruksyunal na materyal sa pagtuturo ng nabanggit na asignatura.

Ang talatanungang ito ay sinuri at pinagtibay ng kanyang tagapayo. Matatagpuan ito sa Apendiks H.

**Pagsusuri ng dokumento.** Ang teknik na ito ay ginamit upang masuri ang mga tala ng mga guro sa tanggapan ng purok, lalo na sa sanligang impormasyon ng mga kalahok at ang kabuuang bilang ng mga guro na nagtuturo sa ikaapat na baitang.

**Pagmamasid.** Ang mananaliksik ay nagsagawa ng di-pormal na pagmamasid sa mga kalahok upang makuha ang aktuwal na kalagayan at ang kahandaan ng mga guro sa pagsasagawa ng mga instruksyunal na materyal. Ito ay nakaragdag at nakapagpatibay sa nakaraang obserbasyon ng mananaliksik na makapagganyak upang isagawa ang pag-aaral na ito.

**Pakipanayam.** Hindi maiwasan ang pagduda sa mga itinala ng mga kalahok sa talatanungan, lalung-lalo na sa mga bagay na di-masyadong nakuha dito, kaya nagsagawa ang mananaliksik ng di-pormal na pakikipanayam sa mga kalahok para makrustsek o mapatibay ang impormasyong nalikom.

**Pagpapatibay sa Talatanungan.**

Sa pagpapatibay sa talatanungan, ang mananaliksik ay gumawa ng sulat kahilingan sa Tagapamanihala ng Sangay at ito ay nasa pamatnubay ng kanyang tagapayo. Upang masiguro ang katatagan ng instrumento, ang mananaliksik ay nagsagawa ng isang dry-run sa mga guro sa ikaapat na baitang sa Purok ng Calbiga, Samar.

Pagkatapos malikom ang mga talatanungan, ang mga ito ay pinag-aralan; sinuri ang bawat aytem at pinahalagahan ng mananaliksik, ang ilan sa mga aytem ay binago at nilinaw ang panuto. Ang mga ito ay ang katanungan bilang tatlo at apat tungkol sa kung anong uri ng instruksyunal na materyal ang ginagamit ng mga kalahok sa kasalukuyang pagtuturo at ang kasapatan ng batayang-aklat sa mga nabanggit na kasanayan. Isinangguni rin ito sa kanyang tagapayo at mga administrador ng Pinabacdao-San Sebastian, Samar upang makuha nila ang kanilang mga puna, suhestiyon at mga reaksiyon na nagsilbing gabay sa pagpapabuti ng mekanismo at nilalaman ng talatanungan.

<u>**Ang Paraan ng Paglikom ng mga Datos**</u>

Pagkatapos maisaayos ang talatanungan, ang mananaliksik mula sa rekomendasyon ng Dekano at sa pagpapatibay ng Tagapayo ay humiling ng pahintulot sa Tagapamanihala ng mga Paaralan sa Sangay ng Samar at Pampurok na Tagamasid Appendiks C, D para sa pagmumudmod ng talatanungan sa mga tagasagot ng pag-aaral. Ang mananaliksik ay personal na nagtungo sa lugar ng mga tagasagot at nalikom ang isang daang bahagdan (100%) ng mga talatanungan ipinamahagi.

Nagsagawa rin ang mananaliksik ng pagsusuri ng mga dokumento sa tanggapan ng Tagamasid Pampurok upang malaman ang iba pang impormasyon ng mga kalahok at nakuha pa ang iba

pang datos na kaugnay sa pag-aaral. Bukod din dito, nagsagawa rin siya ng pagmamasid at pakikipanayam sa mga kalahok upang mataya ang mga impormasyong nilikom.

Pagkatapos malikom ang lahat na talatanungan at ang mga nakuha sa pagsuri ng mga dokumento, pagmamasid at pakikipanayam sa mga kalahok, ang mga kasagutan at datos na kailangan ay itinalay sa angkop na talahanayan.

## Pagsusuri at Paglalapat Istatistikal ng mga Datos

Ang mga datos at impormasyon na nakuha sa mga talatanungan ay itinalay, sinuri at nilagom batay sa dalas ng pagsagot at ang aktuwal na bilang ng mga sagot sa naibigay sa situwasyon. Ang pagsusuri na may kasamang istatistika ay ginawa ng mananaliksik upang maipakita ang lawak at hangganan ng pag-aaral.

Ginamit ang persentahe o bahagdan sa pagpapakita ng mga kasagutan ng bilang ng mga tagasagot. Ang pormulang ginamit ay ang sumusunod:

$$P = \frac{B}{KB} \times 100$$

Saang:

P = Persentahe

B = Bilang

KB = Kabuuang bilang

Sa pagtutuos ng kabuuang tamtaman (weighted mean) sa kasagutang tumutugon sa kadalasan na may karapatang timbang at sa pagtutuos na nangangailangan ng tinatawag na kwalitatibong interpretasyon. Ang sumusunod na pormula ay ginamit.

$$KT = \frac{\Sigma Wf}{\Sigma f}$$

Saang:

KT = Kabuuang tamtaman

ΣWf = Summation ng bilang

Σf = Bilang ng mga kalahok

Bukod pa sa mga nabanggit na istatistika sa pagkakahulugan ng mga datos ginamit din dito ng apat na panukatang puntos (four point rating scale) para sa pagtatantiya sa mga kasapatan ng sagot.

Ito ay matutunghayan sa sumusunod:

| Timbang | Interpretasyon |
|---|---|
| 4 | Sapat na sapat |
| 3 | Sapat |
| 2 | Di-sapat |
| 1 | Wala |

Ang mga sumusunod na pamantayan ang ginamit bilang batayan sa pagbibigay ng mga kasagutan.

| Lawak | Interpretasyon |
|---|---|
| 3.51 - 4.00 | **Sapat na sapat.** Ang mga instruksyunal na materyal ay higit sa kabuuang bilang ng mga gumagamit. |
| 2.51 - 3.50 | **Sapat.** Ang mga instruksyunal na materyal ay kasindami sa kabuuang bilang ng mga gumagamit nito. |
| 1.51 - 2.50 | **Di-sapat.** Ang mga instruksyunal na materyal ay hindi makatutugon sa pangangailangan ng mga gumagamit. |
| 0.00 - 1.50 | **Wala.** Ang mga instruksyunal na materyal ay hindi napakikinabangan o walang-wala talaga. (Batay sa pag-aaral ni Mustacisa, 1980). |

# KABANATA IV

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN SA MGA DATOS

Sinikap ng pag-aaral na ito na makabuo ng isang mungkahing sanayang pansarili sa HEKASI para sa ikaapat na baitang. Ang naturang instruksyunal na materyal ay magsisilbing bilang karagdagan sa kasalukuyang batayang aklat, Pilipinas: Heograpiya at Kasaysayan para sa pagsasanay sa pangkalinangang akademiko, manipulatibong kasanayan at sa pagpapayaman ng aralin at maikintal ang kanais-nais na saloobin.

Sinikap din na siyasatin ang kasalukuyang kalagayan ng mga instruksyunal na materyal na ginagamit ng mga guro sa HEKASI at ang kahandaan ng mga guro sa pagsasagawa ng mga instruksyunal na materyal para sa nasabing asignatura. Mula rito kinilala at tinuklas ang kakailanganing kagamitan at nabuo ang tiniyak na sanayang pansarili sa HEKASI.

Ang tagasagot sa pag-aaral na ito ay labinlimang (15) mga guro sa HEKASI. Ang mga datos ay nakuha sa pamamagitan ng paggamit ng talatanungan. Ang lahat ng mga ito ay inilahad, sinuri at ipinagpakahulugan sa kabanatang ito ayon sa pagkasunod-sunod ng mga tiyak na suliranin sa pag-aaral.

**Kasalukuyang Kalagayan ng mga Instruksyunal na Materyal sa HEKASI**

Ang kalagayan ng mga instruksyunal na materyal na ginagamit ng mga guro sa HEKASI ay ayon sa dalawang aspekto: (a) uri ng instruksyunal na materyal at (b) kasapatan. Ang aspektong uri ng instruksyunal na materyal ay naglalahad kung ito ay serye ng PRODED o hindi serye ng PRODED. Sa kasapatan ng materyal, inilahad ang kasapatan ng bilang ng mga materyal sa bilang ng gumagamit nito at kasapatan sa kasanayang pang-akademiko, manipulatibong kasanayan at kanais-nais na saloobin na kung saan ang tinutukoy dito ay ang batayang-aklat na ginagamit sa HEKASI.

Ang mga paglalahad ng mga ito ay matutunghayan sa ibat-ibang talahanayan na matatagpuan sa mga kasunod na pahina.

**Uri ng Instruksyunal na Materyal.** Makikita sa Talahanayan 2 ang mga instruksyunal na materyal na ginagamit ng mga guro sa HEKASI ay nauuri sa dalawa: (a) serye ng PRODED at (b) hindi serye ng PRODED. Sa labinlimang gurong kalahok, 2 or 13.33 bahagdan ang gumagamit ng mga sanayan sa serye ng PRODED at walang gumagamit sa hindi PRODED. Sa globo 14 o 93.33 bahagdan na guro ang gumagamit sa serye ng PRODED at 0 o 0 bahagdan sa hindi PRODED. 12 naman o 80 bahagdan ang gumagamit ng tsart at grap na serye ng PRODED at 0 o 0 bahagdan ang hindi PRODED. Lahat sa labinlimang

kalahok o 100 bahagdan ang gumagamit ng mga patnubay sa pagtuturo at 0 o 0 bahagdan ang gumagamit sa hindi PRODED. Sa badyet ng aralin, 14 o 93.33 bahagdan ang gumagamit at 0 o 0 bahagdan sa hindi PRODED. Sa iba't ibang mapa, 14 o 93.33 bahagdan ang gumagamit sa serye ng PRODED at 0 o 0 bahagdan ang hindi PRODED. Pagdating naman sa batayang aklat, 15 o 100 bahagdan ang gumagamit ng serye ng PRODED at 0 o 0 bahagdan ang hindi PRODED. Walang gumagamit sa awdiyo-biswal na pagtulong serye man o hindi serye ng PRODED sa dahilan na walang supply na ibinibigay sa mga kalahok. Hindi nila kayang bilhin ang mga ito kung ang sahod lamang nila ang aasahan.

**Talahanayan 2**

**Uri ng mga Instruksyunal na Materyal sa HEKASI**

| Mga Instruksyunal | Serye ng PRODED | | Hindi Serye ng PRODED | |
|---|---|---|---|---|
| | Bilang | Bahagdan | Bilang | Bahagdan |
| 1. Mga Sanayan | 2 | 13.33 | 0 | 0 |
| 2. Globo | 14 | 93.33 | 0 | 0 |
| 3. Tsart/Grap | 12 | 80 | 0 | 0 |
| 4. Patnubay sa Pagtuturo | 15 | 100 | 0 | 0 |
| 5. Badyet ng Aralin | 14 | 93.33 | 0 | 0 |
| 6. Iba't Ibang Mapa | 14 | 93.33 | 0 | 0 |
| 7. Mga Batayang Aklat | 15 | 100 | 0 | 0 |
| 8. Awdyo-Biswal na Pantulong | 0 | 0 | 0 | 0 |

Ito ay nagpapakita na karamihan sa mga guro ay gumagamit ng makabagong instruksyunal na materyal na serye ng PRODED, maliban lamang sa ibang materyal na wala ang ibang guro, tulad ng mga sanayan, awdiyo-biswal na pantulong, tsart at grap, globo, badyet ng aralin at iba't ibang mapa. Ito ay nangangahulugan naghihikayat ang mga guro sa HEKASI na makagamit ng mga makabagong materyal upang maiangkop sa kasalukuyang lipunan at panuruan.

<u>**Kasapatan o Kawalan ng mga Instruksyunal na Materyal.**</u> Ang mga kagamitang pampagtuturo ay mga indispensableng bagay na malaki ang naitutulong sa pagsasagawa ng mga gawaing nauukol sa pagtuturo upang matamo ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaya nga, ang kasapatan o kawalan ng kasapatan ng mga ito ay tumitiyak sa tagumpay o kabiguan ng mga nilalayon.

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita na: (1) Ang mga Sanayan ay wala gaya ng naipakitang kabuuang tamtaman na 1.13; na nangangahulugang wala. (2) Ang mga globo ay may kabuuang tamtaman na 2.20 ito ay di-sapat; (3) Ang mga tsart at grap ay may kabuuang tamtaman na 2.13 ibig sabihing di-sapat; (4) Ang mga patnubay sa pagtuturo ay may kabuuang tamtaman na 2.80, ang ikaapat at ikalimang materyal na nabanggit ay sapat. (6) Ang mga iba't ibang mapa ay may kabuuang tamtaman na 2.13; (7) Ang batayang-aklat ay may kabuuang tamtaman na

Talahanayan 3

**KASAPATAN O KAWALAN NG MGA INSTRUKSYUNAL MATERYAL SA HEKASI**

| Mga Instruksyunal | Sapat na sapat (4) | Sapat (3) | Di-Sapat (2) | Wala (1) | Kabuuan | Kabuuang Tamtaman | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | f (wf) | f (wf) | f (wf) | f (wf) | f (wf) | | |
| 1. Mga Sanayan | 0 (0) | 0 (0) | 2 (4) | 13 (13) | 15 (17) | 1.13 | Wala |
| 2. Globo | 1 (4) | 2 (6) | 11 (22) | 1 ( 1) | 15 (33) | 2.20 | Di-Sapat |
| 3. Tsart/Grap | 1 (0) | 3 (0) | 8 (4) | 3 (13) | 15 (17) | 2.13 | Di-sapat |
| 4. Patnubay sa Pagtuturo | 1 (4) | 10 (30) | 4 (8) | 0 ( 0) | 15 (42) | 2.80 | Sapat |
| 5. Badyet ng Aralin | 2 (8) | 9 (27) | 3 (6) | 1 ( 1) | 15 (42) | 2.83 | Sapat |
| 6. Iba't-ibang mapa | 0 (0) | 3 (9) | 11 (22) | 1 ( 1) | 15 (32) | 2.13 | Di-sapat |
| 7. Batayang Aklat | 1 (4) | 7 (21) | 7 (14) | 0 ( 0) | 15 (39) | 2.60 | Di-sapat |
| Kabuuan | 6 (24) | 34 (102) | 46 (92) | 19 (19) | 105 (237) | 15.79 | |
| Average Weighted Mean | | | | | | 2.25 | Di-sapat |

2.39, ang ikaanim at ikapitong nabanggit na materyal ay di-sapat.

Maipagpapakahulugan na ang kabuuang tinuos na mga instruksyunal na materyal na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng HEKASI ay di-sapat tulad ng naipakita at nakuhang kabuuang tamtaman na 1.97.

Ang mga nabanggit na instruksyunal na materyal tulad ng globo, tsart at grap, iba't-ibang mapa at ang batayang-aklat, ay di-sapat, sa dahilan na ang mga ito ay hindi makatutugon sa pangangailangan ng mga kalahok. Kulang ang naipamimigay sa mga kalahok at kung naisin man nilang magsagawa o magkaroon ng nasabing mga materyal ay hindi nila kayang tustusán ito kung aasahan lamang wala ang kanilang sahod. Ang mga sanayan naman at awdiyo-biswal na pantulong ay wala, ang ibig sabihin dito ay hindi napakikinabangan o walang-wala talaga.

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng kasapatan ng batayang aklat sa mga kasanayang pangkaalaman, pag-unawa, pagsusuri, pagsasagawa, ebalwasyon at pagpapahalaga, ayon sa pagtatantiya ng mga kalahok.

Sa pasimula, narito ang sumusunod: (1) Ang kasanayang pangkaalaman ay may kabuuang tamtaman na 2.07; (2) Ang Pang-unawa ay may kabuuang tamtaman na 2.13; (3) Ang Pagsusuri ay

Talahanayan 4

KASAPATAN NG BATAYANG-AKLAT NG MGA KASANAYAN

| Mga Kasanayan | Sapat na sapat (4) f (wf) | Sapat (3) f (wf) | Di-Sapat (2) f (wf) | Wala (1) f (wf) | Kabuuan f (wf) | Kabuuang Tamtaman | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Kaalaman | 0 (0) | 1 (3) | 14 (28) | 0 ( 0) | 15 (31) | 2.07 | Di-sapat |
| 2. Pang-unawa | 0 (0) | 2 (6) | 13 (26) | 0 ( 0) | 15 (32) | 2.13 | Di-Sapat |
| 3. Pagsusuri | 0 (0) | 0 (0) | 15 (30) | 0 ( 0) | 15 (30) | 2.00 | Di-sapat |
| 4. Pagsasagawa | 0 (0) | 1 ( 3) | 14 (28) | 0 ( 0) | 15 (31) | 2.07 | Di-sapat |
| 5. Ebalwasyon | 0 (0) | 1 ( 3) | 14 (28) | 0 ( 0) | 15 (31) | 2.07 | Di-sapat |
| 6. Pagpapahalaga | 0 (0) | 0 (0) | 15 (30) | 0 ( 0) | 15 (30) | 2.00 | Di-sapat |
| Kabuuan | 0 ( 0) | 5 ( 15) | 85 (170) | 0 ( 0) | 90 (185) | 12.34 | |
| Kabuuang Tamtaman | | | | | | 2.06 | Di-sapat |

may kabuuang tamtaman na 2.00; (4) Sa kasanayang Pagsasagawa ay may kabuuang tamtaman na 2.07; (5) Sa Ebalwasyon ay may kabuuang tamtaman na 2.07; at (6) Ang pagpapahalaga ay may kabuuang tamtaman na 2.00.

Batay sa pagsusuri, ang lahat ng nabanggit na kasanayan ay di-sapat ang natuklasan. Sa ganitong kinalalabasan, masasabi na ang mga kasanayang pangkaalaman, pag-unawa, pagsusuri, pagsasagawa, ebalwasyon at pagpapahalaga ay di-sapat sa kasalukuyang batayang-aklat ayon sa nakuhang "Average Kabuuang Tamtaman" na 2.06.

**Kahandaan ng mga Guro sa Pagsasagawa ng mga Instruksyunal na Materyal**

Ang kahandaan ng mga guro sa pagsasagawa ng mga instruksyunal na materyal sa HEKASI ay ayon sa mga sumusunod: (1) Kwalipikasyon Edukasyunal; (2) Posisyon/Kalagayan sa Katungkulan; (3) Haba ng panahon ng paglilingkod; at (4) Pagdalo sa mga salingkurang pagsasanay at seminar.

**Kwalipikasyon Edukasyunal.** Karaniwan ang mataas na uri at antas ng edukasyon ng isang guro ay nag-uudyok sa kanya na pagbutihin niya ang kanyang pagtuturo. Dahilan sa naragdagan na ang kanyang kaalaman at kasanayang pang-edukasyon at pampagtuturo, may tiwala siya sa sariling kakayahan at nagiging makabago siya maging sa kanyang pananaw at paraan ng pagtuturo.

Sinikap sa pag-aaral na ito na siyasatin ang kwalipikasyon edukasyunal ng mga guro sa HEKASI upang hanguin ang mga implikasyon ukol sa posibleng kaugnayan ng baryabol na ito sa kahandaan ng mga guro sa pagsasagawa ng

mga instruksyunal na materyal sa naturang asignatura na saklaw ng kasalukuyang pananaliksik.

**Mga Kursong Natapos.** Sa pag-aaral na ito binibigyang tuon ang kursong natapos ng guro, ang kanyang medyor at maynor. Inilalahad ng Talahanayan 5 ang mga datos ukol sa mga kursong natapos ng mga gurong kalahok sa pag-aaral na ito.

Ipinakikita sa nasabing talahanayan na sa labinlimang mga gurong-kasangkot sa pag-aaral. 3 o 20 bahagdan, ang mga gurong nag-aangkin ng BSEED; 2 o 13 bahagdan; ang may degring BEED 1 o 7 bahagdan; ang may BSEic; 3 o 20 bahagdan; ang may degring BSEED-HE; 4 o 27 bahagdan; ang nakakuha ng BSEED na may MA yunits; at 2 o 13 bahagdan, ang nakakuha ng BEED na may MA yunits.

Ang kinalabasang ito ay nagpapatunay na ang mga guro sa HEKASI sa ikaapat na baitang ay may sapat na kwalipikasyong edukasyunal kung degring natamo pag-uusapan. Karamihan sa kanila ay may yunits sa Masters ngunit sapat na nga ba ang degri upang maging mahusay sila sa pagtuturo sa HEKASI at nang mabawasan na ang mababang pagpapakita ng mga mag-aaral sa mga kasanayan sa HEKASI?

**Meydor o Maynor.** Inilalahad sa Talahanayan 6 and 7 ang mga medyor at maynor ng mga guro sa HEKASI.

Talahanayan 5

**MGA KURSONG NATAPOS NG MGA GURONG KALAHOK SA PAG-AARAL**

| Kursong Natapos | Bilang | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| BSEEd | 3 | 20 |
| BEED | 2 | 13 |
| BSEic | 1 | 7 |
| BSEEd-HE | 3 | 20 |
| BSEEd na may MA Yunits | 4 | 27 |
| BEED na may MA Yunits | 2 | 13 |
| Kabuuan | 15 | 100 |

Makikita sa Talahanayan 6 na sa 15 gurong kalahok, may 3 o 20 bahagdan ng mga guro ang may medyor na Home Economics; 9 or 60 bahagdan ang mgay medyor na Edukasyong saElementarya; 2 o 13 bahagdan ang may medyor na English at 1 o 7 bahagdan ang may medyor na Araling Panlipunan. Ang may maynor sa Filipino ay 1 o 7 bahagdan.

Pansinin sa Talahanayan 7 na ang mga medyor at maynor ng mga gurong kalahok ay nauuri sa dalawa: kaugnay sa Araling Panlipunan, tulad ng Heograpiya, Kasaysayan at Sibika at hindi kaugnay sa Araling Panlipunan. Ipinakikita rin sa talahanayang ito na 1 o 7 bahagdan lamang

Talahanayan 6

MGA GURONG MAY MEDYOR AT MAYNOR SA KURSONG NATAPOS

| Medyor | Bilang | Bahagdan | Maynor | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|---|---|---|
| Home Economics | 3 | 20 | | | |
| Elem. Education | 9 | 60 | Filipino | 1 | 7 |
| English | 2 | 13 | | | |
| Araling Pan-lipunan | 1 | 7 | | | |
| Kabuuan | 15 | 100 | | 1 | 7 |

Talahanayan 7

MEDYOR AT MAYNOR NG MGA GURONG KALAHOK

| Medyor | | | | Maynor | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Araling Panlipunan | | Hindi-Araling Panlipunan | | Araling Panlipunan | | Hindi Araling Panlipunan | |
| Bilang | % | Bilang | % | Bilang | % | Bilang | % |
| 1 | 7 | 14 | 93 | 0 | 0 | 15 | 100 |

ang may medyor na Araling Panlipunan at 14 o 93 bahagdan ang hindi medyor sa Araling Panlipunan. Sa maynor naman, lahat o 100 bahagdan ng mga guro ay hindi maynor sa Araling

Panlipunan. Ito ay nagpapakita na kakaunti lang sa mga gurong kalahok ang may angkop na ispesyalisasyon para sa asignaturang kanilang itinuturo. Hindi sila medyor o maynor sa Araling Panlipunan. Kaya nga bagama't mataas ang kanilang pinag-aralan, hindi naman angkop o bagay sa gawain nila bilang mga guro sa HEKASI. Hindi nakapagtataka kung hindi matuto nang husto ang kanilang tinuturuan sa mga kasanayang kaugnay sa Araling Panlipunan sapagkat hindi naman sapat ang kani-kanilang kahandaan ng mga gurong ito sa larangan ng pagtuturo ng HEKASI. Ito ay nangangahulugang may sapat na degri silang natamo ngunit kailangan pa nilang magsanay tulad ng mga seminar o salungkursong pagsasanay habang naglilingkod sa pagtuturo. Bukod pa rin dito magagawa nila sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga kursong nauugnay sa Araling Panlipunan.

<u>Posisyon/Kalagayan sa Katungkulan.</u> Makikita sa Talahanayan 8 ang kalagayan sa katungkulan ng mga gurong nagtuturo sa ikaapat na baitang sa Taong Panuruan 1993-1994. Sa mga datos na inilahad sa talahanayang ito, mapapansin na 14 o 93 bahagdan, ang mga gurong regular sa tungkulin; walang gurong may probisyunal na kalagayan sa tungkulin, at isa o 7 bahagdan ang mga gurong panhalili ang serbisyo/paglilingkod.

Talahanayan 8

KALAGAYAN SA TUNGKULIN NG MGA GURO SA
TAONG PANURUAN 1993-1994

| Kalagayan sa Tungkulin | Bilang | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| Regular | 14 | 93 |
| Probisyunal | 0 | 0 |
| Panhalili (Substitute) | 1 | 7 |
| Kabuuan | 15 | 100 |

Ang mga nailalahad at sinuring impormasyon sa talahanayang nabanggit ay nagpapatunay lamang na ang mga kasangkot sa pag-aaral ay nasa regular na istatus ng kanilang panunungkulan maliban lamang sa isang guro na may panhaliling kalagayan.

__Haba ng Panahon ng Paglilingkod.__ Ang haba ng panahon ng paglilingkod ng mga guro ay isa ring kahandaan upang malaman ng mga guro ang pagsasagawa ng mga instruksyunal na materyal sa HEKASI. Makikita sa Talahanayan 9 ang mga datos at impormasyon tungkol dito.

Ang bilang ng taon ay pinagpangkat-pangkat ng tig-tatlong taon at ito ay may katumbas na bilang at bahagdan. Ayon sa nakuhang datos tungkol sa taon ng panunungkulan ng mga kalahok, narito ang sumusunod: 2 or 13 bahagdan ang nasa

Talahanayan 9

HABA NG PANAHON NG PAGLILINGKOD NG MGA GURONG KALAHOK

| Bilang ng Taon | Bilang | Bahagdan (%) |
|---|---|---|
| 1 - 3 | 2 | 13 |
| 4 - 6 | 2 | 13 |
| 7 - 9 | 1 | 7 |
| 10 -12 | 0 | 0 |
| 13 -15 | 0 | 0 |
| 16 -18 | 3 | 20 |
| 19 -21 | 3 | 20 |
| 22 -24 | 1 | 7 |
| 25 -27 | 3 | 20 |
| 28 - pataas | 0 | 0 |
| | 15 | 100 |

pagitan ng 1 hanggang 3 taon; 2 or 13 bahagdan ang nasa pagitan ng 4 hanggang 6 taon; 1 o 7 bahagdan ang nasa pagitan ng 7 hanggang 9 na taon; walang mga kalahok ang nanungkulan ng mahigit 10 hanggang 12 taon at 13 hanggang 15 taon panunungkulan; 3 o 20 bahagdan ang nasa pagitan ng 16 hanggang 18 taon; 3 o 20 bahagdan ang nasa pagitan ng 19 hanggang 21 taon; 1 o 7 bahagdan ang nasa pagitan ng 22

hanggang 24 na taon; at 3 o 20 bahagdan ang nasa 25 taon at pataas.

Ang mga inilahad at sinuring impormasyon sa nabanggit na talahanayan ay nagpapatunay na karamihan sa mga kalahok ay may sapat nang katagalan o karanasan sa pagtuturo ng HEKASI, masasabi rin na may sapat na kahandaan sa pagsasagawa ng mga instruksyunal na materyal kung ang haba ng panahon ng paglilingkod ang pag-uusapan, ayon sa natuklasan sa nilikom na mga datos.

__Mga Dinaluhang Salingkurang Pagsasanay at Seminar.__ Ang pagdalo sa salingkurang pagsasanay at seminar ay isa pang indikeytor ng kahandaan ng mga guri sa pagsasagawa ng mga instruksyunal na materyal upang siya ay maging mabisa sa kanyang pagtuturo ng mga kasanayan sa HEKASI. Ipinalalagay na kung mas maraming pagsasanay sa pagtuturo ng HEKASI ang dinaluhan ng kalahok, higit na mabisa siyang magturo kaysa yaong kakaunti lamang ang nadaluhang seminar.

Makikita sa Talahanayan 10 na ang mga pagsasanay habang naglilingkod na dinaluhan ng mga guro sa Araling Panlipunan ay nauuri sa tatlong antas: antas nasyunal at rehiyunal, antas pansangay at antas pampurok. Sa pasimula, sa antas nasyunal/rehiyunal narito and sumusunod: 1 o 7 bahagdan ang nakadalo ng 1 beses at walang kalahok ang nakadalo 2 o higit pang beses. Sa antas pansangay: 4 o 27 bahagdan ang

## Talahanayan 10

### BILANG NG MGA DINALUHANG SALINGKURANG PAGSASANAY SEMINAR NG MGA GURO SA HEKASI

| Bilang ng Pagdalo | Antas Nasyunal/Rehiyunal | Bahagdan (%) | Antas Pansangay | Bahagdan (%) | Antas Pampurok | Bahadgan (%) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 beses | 1 | 7 | 4 | 27 | 1 | 7 |
| 2 beses | 0 | 0 | 2 | 13 | 3 | 20 |
| 3 beses | 0 | 0 | 0 | 0 | 6 | 40 |
| 4 beses | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 | 13 |
| 5 beses | 0 | 0 | 1 | 7 | 3 | 20 |
| Kabuuan | 1 | 7 | 7 | 47 | 15 | 100 |

nakadalo ng 1 beses; 2 o 13 bahagdan and nakadalo ng 2 beses; walang kalahok ang nakadalo ng 3 hanggang 4 na beses; at 1 0 7 bahagdan ang nakadalo ng 5 beses.

Sa antas pampurok 1 o 7 bahagdan ang nakadalo ng 1 beses; 3 o 20 bahagdan ang nakadalo ng 2 beses; 6 o 40 bahagdan ang nakadalo ng 3 beses; 2 o 13 bahagdan ang nakadalo ng 4 na beses; 3 o 20 bahagdan ang nakadalo ng 5 beses.

Batay sa mga bilang na nailalahad dito, maipagpapakahulugan na ang mga guro ay nagkaroon na ng sapat na pagsasanay dahilan sa paulit-ulit na mga seminar na naidaos mismo sa

iba't ibang lugar ng sangay at sa kani-kanilang mga purok.

Ang mga gurong dumalo sa mga salingkurang pagsasanay sa mga antas nasyunal/rehiyunal at pansangay ay naging mga kasangguni sa mga pampurok na seminar. Samantala naman ang mga gurong matagal nang nakadalo sa alinmang antas sa mga nabanggit na gawain ay nagkaroon din ng mga pagsasanay sa mga pampurok na antas.

**Ang Kagamitang Instruksyunal na Naimungkahi sa HEKASI Ayon sa Preperensiya**

Sa pagsunod ng katulad na nabanggit na layunin ng pag-aaral na ito, ang talatanungan ay naglaan ng katanungan tungkol sa kagamitan instruksyunal na maimumungkahi sa HEKASI ayon sa preperensya ng pangangailangan. Sa katanungang ito, inaayos ang mga kasagutan ayon sa pagkakasunod-sunod mula sa pinakaimportante hanggang sa di-importanteng pangangailangan ayon sa ipinakikita sa Talatanungan 11 na nasa kasunod na pahina.

Makikita sa Talahanayan 11 ang mga nalikom na datos at impormasyon na nagpapakita na ng preperensya at interes ng mga kalahok ay higit sa pagbuo ng isang "Sanayang Pansarili" na may dalas ng kasagutan na 9 o 60 bahagdan mula sa 15 kalahok. Ang may pinakamaliit na dalas ng kasagutan ay ang kaugnay na babasahin na may dalas ng kasagutan na isa (1) o pitong bahagdan.

Talahanayan 11

RANGGO SA PREPERENSYA NG INSTRUKSYUNAL NA MATERYAL

| Preperensya na Instruksyunal | Bilang | Bahagdan (%) | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Silabus | 2 | 13 | 3 |
| 2. Sanayang Pansarili | 9 | 60 | 1 |
| 3. Isa Pang Batayang-Aklat | 3 | 20 | 2 |
| 4. Kaugnay na Babasahin | 1 | 7 | 4 |
| Kabuuan | 13 | 100 | 4 |

Bukod diyan, ang pinakamaliit ay sa Sanayang Pansarili "Isa pang Batayang Aklat" na may dalas ng kasagutan na 3 0 20 bahagdan; sumusunod ang "Silabus" na may 2 o 13 bahagdan at ang "Kaugnay na Babasahin" na may 1 o 7 bahagdan.

Nagsagawa ng di-pormal na pakikipanayam ang mananaliksik sa mga kalahok na may preperensya at interes sa pagbuo ng "Sanayang Pansarili". Binigyan diin ng mga nasabing kalahok ang "Sanayang Pansarili" para mapayaman ang mga kasanayang pang-akademiko, manipulatibong kasanayan at kanais-nais na saloobin ang kasalukuyang batayang-aklat na ginagamit sa pagtuturo ng HEKASI, na kung saan mayroong kasalatan sa nabanggit na mga kasanayan ayon sa ipinakikita

sa Talahanayan 4.

Bukod pa rito, ang tunguhin ngayon sa pagtuturo ay ang wastong paggamit ng mga batayang-aklat sa mas mataas-taas na antas ng pagkatuto upang matamo ng mga mag-aaral ay ang kritikal at mapanuring pag-iisip na kinakailangan sa mapanuklas na pagkatuto ayon sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 79, s. 1993.

Tulad sa di-pormal na pakikipanayam ang isinagawa ng mananaliksik sa mga kalahok na hindi gaanong interesado sa pagbuo ng "Kaugnay na Babasahin", ang impormasyong nalikom ay nagpapahayag na hindi gaanong kinakailangan ang "Kaugnay na Babasahin", dahilan sa, ang batayang-aklat na ginagamit ngayon ng mga guro sa HEKASI ay may sapat na babasahin para sa mga mag-aaral; at ang lalong kinakailangan nila ay ang mga pagsasanay para sa lubusang pagkatuto ng mga bata sa mga itinakdang aralin sa bawat yunit o kabanata.

Ang Sanayang Pansarili naiminungkahi ng mananaliksik ay matatagpuan sa Kabanata 6. Maisasakatuparan lamang ito sa tulong ng mga tagapamanihala at administrador ng mga paaralan, mga guro sa HEKASI at iba pang mga taong kasangkot nito.

# KABANATA V

## PAGLALAGOM, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa kabanatang ito ay inilalahad ang mga kinalabasan ng pagsusuri, ang mga konklusyon at mga rekomendasyon batay sa pag-aaral na ginawa ng mananaliksik.

**Lagom ng Kinalabasan**

Natuklasan sa pag-aaral na ito na karamihan sa mga guro ay gumagamit ng makabagong instruksyunal na materyal na serye ng PRODED, maliban lamang sa ilang materyal na wala ang ibang guro. Ito ay nangangahulugan na naghihikayat ang mga guro sa HEKASI na makagamit ng mga makabagong materyal upang maiangkop sa kasalukuyang lipunan at panuruan.

Ang kabuuang tinuos na mga instruksyunal na materyal na ginamit ng mga guro sa pagtuturo ng HEKASI ay di-sapat tulad ng naipakita at nakuhang kabuuang tamtaman na 1.97.

Batay sa pagsusuri, ang lahat ng nabanggit na kasanayan ay di-sapat ang natuklasan. Sa ganitong kinalalabasan, masasabi na ang mga kasanayang pangkaalaman, pag-unawa, pagsusuri, pagsasagawa, ebalwasyon at pagpapahalaga ay di-sapat sa kasalukuyang batayang aklat ayon sa nakuhang kabuuang tamtaman na 2.06.

Ang mga guro sa HEKASI sa ikaapat na baitang ay may sapat na kwalipikasyong edukasyunal kung digri rin lamang

ang pag-uusapan. Karamihan sa kanila ay may mga yunits sa kursong master sa sining.

Kakaunti lang sa mga gurong kalahok ang may angkop na ispesyalisasyon para sa asignaturang kanilang itinuturo. Hindi sila medyor o maynor sa Araling Panlipunan. Ito ay nangangahulugan na bagamat may sapat na degri ang mga guro, kailangan din nilang magsanay habang naglilingkod, sa pagtuturo ng mga kasanayan sa Araling Panlipunan.

Ang mga kasangkot sa pag-aaral ay nasa katatagan istado ang kanilang panunungkulan maliban lamang sa isang guro na may panhaliling katayuan.

Karamihan sa mga kalahok ay may sapat nang katagalan o karanasan sa pagtuturo ng HEKASI, o masasabi ring may sapat na kahandaan sa pagsasagawa ng mga instruksyunal na materyal kung ang haba ng panahon ng paglilingkod ang pag-uusapan, ayon sa natuklasan sa nilikom na mga datos.

Ang mga gurong kalahok ay nagkaroon na ng sapat na pagsasanay dahilan sa paulit-ulit na mga seminar na naidaos mismo sa iba't ibang lugar sa kanilang mga purok.

Ang nalikom na mga datos at impormasyon ay nagpapakita na ang preperensya at interes ng mga kalahok ay higit sa pagbuo ng isang "Sanayang Pansarili" na may dalas ng kasagutan na 9 o 60 bahagdan mula sa 15 kalahok. Ang may pinakamaliit na dalas ng kasagutan ay ang "Kaugnay na

Babasahin" na may dalas ng kasagutan na 1 o 7 bahagdan.

## Konklusyon

Batay sa pangunahing kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na mga konklusyon.

Ang mga gurong kalahok ay naghihikayat na makagamit ng mga makabagong materyal upang maiangkop sa kasalukuyang lipunan at panuruan.

May pangangailangan na mabigyan ng atensyon ang kakulangan ng mga instruksyunal na materyal na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng HEKASI.

Kahit ang mga guro ay may sapat na kwalipikasyon edukasyunal, kung digre ang pag-uusapan, kailangan-kailangan pa rin nila ang mga salingkureng pagsasanay o iba pang mga gawaing nauugnay sa pagpapakita ng kanilang propesyon.

Ang preperensya ng mga kalahok ay magkaroon ng isang sanayang pansarili na makakatulong sa pagtuturo at pagpapakahulugan sa mga layuning nangangailangan ng panlunas at pagpapasidhi ng mga aralin ng mataas-taas na antas ng pag-iisip.

## Rekomendasyon

Bunga sa konklusyong nabuo narito ang mga tagubilin o rekomendasyon.

Inirerekomenda sa pag-aaral na ito na ang nabuong sanayang pansarili ay magdaan sa isang balidasyon sa pamamagitan ng iksperimental na pamaraan upang matiyak kung gaano kabisa nito, para sa kasunod na mga mananaliksik. Magamit din ito sa lahat ng mga mag-aaral sa iba pang purok ng sangay o rehiyon.

Magsasagawa ng mga gawaing kapulungan / salingkurang pagsasanay sa pagbuo ng sanayang pansarili hindi lamang sa isang yunit ng teksto kundi sa lahat ng nasasaklawan nitong aralin.

Ang mga gurong may katamtamang kwalipikasyong edukasyunal ay dapat pang magdagdag ng kaalaman at kahandaan pang-akademiko upang mapataas at mapaunlad ang kanilang pagtuturo at maiangat naman ang antas ng pagsasagawa ng mga mag-aaral.

Ang kopya ng pag-aaral na ito ay dapat makarating sa kinauukulan upang magsilbing gabay at huwaran para sa mga gurong hindi lamang nagtuturo ng HEKASI ngunit sa mga kaugnay na lawak na pagkatuto.

Sa dahilang ang pagbabasihan ng pagtuturo sa kasalukuyan sa alinmang asignatura ay ang lawak at pagkasunod-sunod sa nilalaman ng teksto; namapapanahon na ang buong sanayang pansarili ay magkakaroon ng mahalagang bahagi sa pagtuturo at pagkatutong proseso.

Gayumpaman, hinahangad ng mananaliksik na ito na mabigyang atensiyon ang mga tagubilin sa pag-aaral, na maging kaagapay sa pagtatamo ng mga tunguhin sa ating edukasyon at sa kahuli-hulihan makamit ang may mataas na uri at kalidad ng edukasyon.

# KABANATA VI

## MUNGKAHING SANAYANG PANSARILI SA HEKASI PARA SA IKAAPAT NA BAITANG

**Pasimula**

Isa sa mga pangunahing layunin ng Bagong Kurikulum na pang-elementarya (New Elementary School Curriculum) ang paglinang ng kaisipan, kasanayan, pagpapahalaga at kaugalian ng pagkamabuting mamamayan. Sa kurikulum na ito, iniangkop ang edukasyon sa pambansang pag-unlad at tulungan ang mag-aaral na maging isang mamamayan na maaasahan, may kakayahang gumawa sa iba't ibang larangan, maka-Diyos at makabansa.

Ang sanayang pansarili na ito ay tumatalakay sa mga konseptong kailangan matutuhan ng mga mag-aaral sa ikaapat na baitang ukol sa unang yunit ng batayang aklat, Pilipinas: Heograpiya at Kasaysayan. Ang mga ito ay may binuong sariling KIT bilang karagdagang pagsasanay sa nga kasanayang pang-akademiko, manipulatibong kasanayan at kanais-nais na saloobin, upang matamo ang mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral para sa mas mataas-taas na antas ng pagkatuto.

Inaasahang makatutulong ang KIT na ito sa pag-unawa ng mga nag-aaral sa katangiang pisikal ng Pilipinas upang matulungan sila sa pakikiangkop dito. Inaasahan ding malinang sa kanila ang pagmamalaki at pagtatangi sa Pilipinas bilang sariling bansa.

**Nilalaman at Kasanayang Nilinang ng Mungkahing Sanayang Pansarili**

Ang mungkahing sanayang pansarili na ito ay binubuo ng tatlong kabanata: Ang Mundo, Lokasyon at Klima at Kinalalagyan at Klima ng Pilipinas, na kung saan pinahahalagahan nito ang pagkilala sa mundo, pagpapahalaga sa globo bilang mapa ng mundo, pagkilala at paggamit ng kakayahan sa pagtuturo ng lokasyon ng mga lugar sa mundo at pagkilala sa kaugnayan ng klima sa lokasyon ng isang lugar. Mapapalawak din ang kaalaman at pang-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa heograpiyang kalagayan ng Pilipinas at ng ibang bansa. Sa tulong ng guhit ng globo, matutuhan nila kung bakit may araw at gabi, kung bakit nag-iiba-iba ang klima at kung ano ang kaugnayan ng lokasyon ng isang lugar sa klima at likas na yaman nito.

Matapos matutuhan ang tungkol sa mundo, pag-aaralan din nang puspusan ang tungkol sa kinalalagyan, klima at likas na yaman ng Pilipinas. Gagamitin nila ang iskala sa pagtantiya ng layo ng lugar sa isa't-isa. Gagamit din sila ng mapa ng klima sa paglalarawan at paghahambing ng iba't-ibang klima ng bansa.

Ang nilalaman at mga kasanayan na nilinang sa sanayang pansarili na ito ay matutunghayan sa sumusunod na talaan ng ispisipikasyon.

# TALAAN NG ISPISIPIKASYON SA HEKASI IV

| NILALAMAN | Mga Kasanayang Nilinang | | | | | | Kabuuang Bilang ng Aytem |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Kaalaman | Pag-unawa | Pagsa-sagawa | Pag-susuri | Pagsa-sama-sama | Pagpa-paha-laga | |
| **KABANATA I** | | | | | | | |
| 1. Ang Mundo at ang Globo | 4 | 3 | 1 | 2 | 0 | 0 | 10 |
| 2. Mga Bahagi ng Mundo | 4 | 1 | 0 | 4 | 1 | 0 | 10 |
| 3. Mga Guhit sa Globo | 6 | 4 | 8 | 2 | 1 | 1 | 22 |
| 4. Mga Direksiyon | 7 | 3 | 8 | 4 | 0 | 0 | 22 |
| 5. Iskala ng Mapa | 2 | 3 | 1 | 2 | 0 | 0 | 8 |
| **KABANATA II** | | | | | | | |
| 1. Ang Pag-ikot ng Mundo at ang Oras | 6 | 1 | 1 | 5 | 1 | 1 | 15 |
| 2. Pagligid ng Mundo sa araw at mga uri ng Klima | 7 | 2 | 6 | 1 | 1 | 1 | 18 |
| 3. Mga Uri ng Klima | 7 | 7 | 1 | 2 | 2 | 1 | 20 |
| **KABANATA III** | | | | | | | |
| 1. Kilalalagyan at Klima ng Pilipinas | 8 | 3 | 1 | 4 | 1 | 1 | 18 |
| 2. Mga Likas na Hayop at halaman ng Pilipinas | 8 | 13 | 11 | 2 | 2 | 1 | 37 |
| Kabuuan | 59 | 40 | 38 | 28 | 9 | 6 | 180 |

**Paglinang ng Sanayang Pansarili**

Nagsagawa ng di-pormal na pakikipanayam ang mananaliksik sa mga kalahok na may preperensya at interes sa pagbuo ng sanayang pansarili. Binigyan diin ng mga nasabing kalahok ang unang yunit dahil nangangailangan ito ng mga karagdagang pagsasanay para mapayaman ang mga kasanayang pang-akademiko, manipulatibo at kanais-nais na saloobin ang kasalukuyang batayang-aklat na ginagamit sa pagtuturo ng HEKASI.

Ang mga kasanayan nilinang sa sanayang pansariling ito ay hango sa Bloom's Taxonomy of Educational Objectives na binigyan diin ang paglinang ng kanilang kaalaman, pag-unawa, pagsasagawa, pagsusuri, pagsasama-sama at pagpapahalaga.

Ang mga pagsasanay na ito ay may orihinal na ginawa ng mananaliksik at mayroon naman hinango sa iba't-ibang sangguniang babasahin na dinagdagan at pinayaman ng mananaliksik.

Ang pagpipili-piling na uri ng aytem ang siyang napili ng mananaliksik upang matamo ang mas mataas-taas na antas ng pagkatuto para sa kritikal at mapanuring pag-iisip na kinakailangan sa mapanuklas na pagkatuto.

**Pagsusuri sa Mungkahing Sanayang Pansarili**

Ang nabuong sanayang pansarili ay iniharap sa isang

panimulang pagsusuri, ipinamudmod ng mananaliksik ang nasabing instruksyunal na materyal sa mga kalahok na may preperensya at interes sa pagbuo ng sanayang pansarili. Iniharap din ito sa kanyang tagapayo bilang isang iksperto sa pagbuo ng mga instruksyunal na materyal. Pagkatapos masuri at mapagtibay ng tagapayo, ang mga ito'y pinag-aralan ang mga mungkahi, binago, niribisa at pinayaman ang ilang aytem tulad ng mga mga panuto, katanungan sa mas mataas-taas na antas at mga ilustrasyon. Ito rin ay iniharap sa kanyang konsultant na dalubhasa sa pagbuo ng mga instruksyunal na materyal sa elementarya.

**Paggamit ng Sanayang Pansarili**

Ang sanayang pansarili na ito ay puwedeng gamitin ng mga guro sa HEKASI sa ikaapat na baitang bilang mga karagdagang kasanayan sa paglinang ng aralin. Ito rin ay makatutulong sa pagtuturo at pagpapakahulugan sa mga layunin na nangangailangan ng panlunas at pagpapasidhi ng mga aralin nang mas mataas-taas na antas ng pag-iisip. Ang paksang disenyo at mga ehersisyo ay naglayong makatulong sa pagkatuto ng paksang aralin na gagamitin mismo ng mga kinauukulan sa paglinang ng isang kasanayan at pagpapayaman.

# MGA SANAYANG PANSARILI / KIT SA SARILING PAGKATUTO

Para sa

Ikaápat na Baitang

## UNANG YUNIT

Kabanata

1 Ang Mundo

2. Lokasyon at Klima

3 Kinalalagyan at Klima ng Pilipinas

# UNANG YUNIT

## LOKASYON AT KLIMA

### Kabanata I - Ang Mundo

Kumusta ka, batang mag-aaral. Ako ang KIT na sadyang ginawa para sa katulad mong mag-aaral sa ikaapat na baitang. Ituturo ko sa'yo ang kahalagahan ng globo at mapa sa pag-aaral ng heograpiya iba't ibang lugar. Ituturo ko rin ang mga pangunahin at pangalawang direksiyon sa pagsasabi ng kinalalagyan ng isang lugar batay sa kinalalagyan ng iba pang lugar at ang paggamit ng iskala ng mapa sa pagsasabi ng sukat ng isang lugar. Inaasahan kong pahahalagahan mo ang pagkilala sa mundo, pagpapahalaga sa globo bilang mapa ng mundo; pagkilala at paggamit ng kakayahan sa pagtuturo ng lokasyon ng mga lugar sa mundo.

Pagkatapos ng isang linggong pag-aaral inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

1. Nauunawaan ang kahalagahan ng globo at mapa sa pag-aaral ng heograpiya ng iba't ibang lugar.

2. Nagagamit ang mga pangunahin at pangalawang direksyon sa pagsasabi ng kinalalagyan ng isang lugar batay sa kinalalagyan ng iba pang lugar.

3. Nagagamit ang iskala ng mapa sa pagsasabi ng sukat ng isang lugar.

Upang lalo kang makinabang sa KIT na ito, dapat mong unawaing mabuti ang sinasabi ko. Bago mo gawin ang pagsasanay, ihanda mo ang iyong kuwaderno. Dito mo isulat ang inyong mga sagot sa pagsasanay. Bawat pagsasanay ay may mga sagot sa likod ng dahon. Kung may mali ka, gawing muli ang pagsasanay.

Bago mo simulan ang mga aralin, sagutin mo muna ang pangunang pagsasanay na sumusunod:

<u>Panimulang Pasubok</u>


Narito ang isang maikling pagsubok. Piliin ang wastong sagot. Titik lamang ang isulat sa kuwaderno.

Halimbawa: Ano ang planetang tinitirhan mo?

a. Mercury b. Jupeter c. Mars d. Mundo

Sagot: <u>d</u>

Magsimula ka rito:



1. Tingnan mo ang larawan sa kanan. Anong masasabi mo sa mundo?
   a. Malawak na kapatagan ang Mundo
   b. Bilog ang hugis ng mundo
   c. Oblong ang hugis ng mundo
2. Alin sa palagay mo sa ibaba ang nagpapatunay na ang mundo ay bilog?
   a. Kung may eklipse ng buwan, ang anino ng mundo sa buwan ay pakurba.

b. Maraming Pilipino ang pumupunta sa ibang bansa at nakababalik ito sa Pilipinas.

c. Kapag nahulog ang isang bagay ito ay babagsak sa lupa.

3. Kung ang lahat ng tubig sa ibabaw ng mundo ay titipunin sa iisang lugar lamang, ito ay bubuo ng ilang bahagi ng mundo?

   a. kalahati ng mundo b. ikaapat ng bahagi ng mundo

   c. tatlong-kapat ng mundo

4. Mapalad tayo sapagkat marami nang natuklasan tungkol sa mundo. Nakagawa na rin ng isang modelo nito. Alin sa ibaba ang nagsisilbing modelo ng mundo?

   a. Atlas b. mapa c. globo

5. Dahil sa pag-ikot ng mundo sa kanyang aksis nagkakaroon tayo ng

   a. leap year b. iba't ibang panahon c. araw at gabi

6. Anong guhit sa globo ang humahati sa dalawang hating-globo?


   a. ekwador b. prime meridian

   c. international date line

7. Ito ang nagsisilbing batayan ng pagtataya ng oras at araw sa iba't ibang bansa sa daigdig.

   a. prime meridian b. ekwador

   c. international date line




8. Tingnan ang guhit sa kanan. Anong direksyon ang tinutukoy ng bilang lima?

   a. kanluran   b. hilagang-silangan

   c. hilagang kanluran


9. Ang direksyon na tinutukoy ng bilang anim sa parehas na guhit ay anong direksyon?

   a. hilagang-silangan

   b. timog-silangan

   c. hilagang-kanluran

10. Narito ang plano ng isang silid-tulugan.




   Ang kama ay nasa anong direksiyon?

   a. timog   b. timog-kanluran   c. hilagang-silangan

11. Kung ang bawat sentimetro sa iskala ay katumbas ng 50 km. ang tatlong sentimetro ay magiging katumbas ng ilang kilometro?

   a. 100 km.   b. 150 km.   c. 200 km.

12. Kung ang bawat sentimetro sa islaka ay katumbas ng 100

km. ang 1000 km. ay katumbas ng ilang sentimetro?

a. 1 sentimetro b. 5 sentimetro c. 10 sentimetro

13. Anong karagatan ang nasa silangan ng Pilipinas?

a. Karagatang Pasipiko b. Karagatan Atlantiko

c. Karagatang Artiko

14. Ano ang pinakamalaking pulo sa Pilipinas?

a. Samar b. Luzon c. Mindanao

15. Ano ang hating-globo na kinaroroonan ng Artarktika?

a. hilagang polo b. pulong timog

c. pulong silangan

Pagkatapos mong sagutin ang mga pagsasanay na ito, tingnan mo ang mga sagot sa likod. Kung nagkamali ka man huwag kang mabahala dahil pag-aaralan mo ito sa mga sumusunod na pagsasanay.

## MGA SAGOT

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | b | 11. | b |
| 2. | a | 12. | c |
| 3. | c | 13. | a |
| 4. | c | 14. | b |
| 5. | c | 15. | b |
| 6. | a | | |
| 7. | c | | |
| 8. | b | | |
| 9. | b | | |
| 10. | a | | |

Unang Sanayang Pansarali

## ANG MUNDO AT ANG GLOBO

Ang mundo ay isang planeta. Ito ay isa sa mga planetang lumiligid sa araw. Umiikot ang mundo sa kanyang aksis habang lumiligid sa araw. Ang mundo ay bilog. Ito'y tinatayang pinakaluma. Binubo ito ng bahaging lupa, tubig at hangin.

Tumingin ka sa globo sa loob ng inyong silid-aralan, ang mundo ay bilog na katulad ng globo. Ipinakikita sa globo ang bahaging tubig at lupa na siyang bumubuo ng mundo. Ito ay tinaguriang modelo ng mundo. Sa tulong nito nakikita natin ang kabuuan ng mundo at ang laki, kilalalagyan at mga bahagi ng kontinente.

Naniniwala tayo na ang mundo ay ang tanging planeta na may nakatirang tao, tanim at iba pang hayop, kaya ito ang ating pinakamalaking tahanan. Ito rin ang tahanan ng iba pang hayop at tanim na makikita natin saan mang dako ng mundo.

Pagkatapos basahin ang mga talataan sa itaas, sagutin ang sumusunod ng mga pagsasanay. Titik lamang ang isulat.

1. Aling pahayag sa ibaba ang totoo sa mundo?
   a. Ang mundo ay isang malawak na kapatagan.
   b. Bilong ang hugis ng mundo.
   c. Ang mundo ay binubuo ng malawak na kapatagan.

2. Alin sa ibaba ang nagpapatunay na ang mundo ay bilog?

   a. Ang lupa at tubig ay magkahiwalay.

   b. Kung titingin sa malayo parang magkadikit ang langit at lupa.

   c. Hindi nakabalik si Magellan sa Espanya pagkatapos ng labanan sa Mactan.

3. Saan sa mga sumusunod ang puwedeng makita ang kabuuan ng mundo?

   a. mapa  b. globo  c. grap

4. Isa sa mga sumusunod na bagay ang modelo ng mundo, alin dito ang nagsisilbing modelo?

   a. Atlas  b. mapa  c. globo

5. Alin sa ibaba ang nagpapakita ng mas maraming detalye?

   a. globo  b. mapa  c. Atlas

6. Anu-ano ang tatlong bahaging bumubuo ng mundo?

   a. lupa, tubig, hangin  b. bato, tanim, hayop  c. ulap, hangin, ulan

7. Saan umiikot ang mundo habang lumiligid sa araw?

   a. sa kanyang aksis  b. sa kanyang polong hilaga  c. sa polong timog

8. Ito lamang ang planetang may nakatirang tao, tanim at hayop.

   a. mundo  b. Mars  c. venus

9. Dito lumiligid ang mundo.

   a. buwan  b. araw  c. mundo

10. Alin naman dito ang mas kahawig ng mundo?


   a. globo  b. mapa  c. Atlas


# MGA SAGOT

1. b
2. b
3. b
4. c
5. a
6. a
7. a
8. a
9. b
10. a

Unang Sanayang Pansarili

MGA BAHAGI NG MUNDO



(Hango sa <u>**Modern Science for Children**</u> p. 85)

Modelo ng mundo ang globo. Sa tulong nito makikita natin kung aling bahagi ng mundo ang lupa, at kung alin ang tubig. Nakikita rin natin ang mga hugis, laki at layo ng mga bansa sa isa't-isa.

Ang kulay berde at lila ay mga bahaging lupa na tinatawag na mga kontinente. Ang Asya, Europa, Aprika, Timog, Gitna at Hilagang Amerika at Australia ay mga kontinente. Ang kulay bughaw naman ay mga bahaging tubig, tulad ng Karagatang Pasipiko, Atlantiko, Indiyan at Karagatang Arktiko.

Ang bahaging tubig ay tinatayang tatlong kapat ng mundo at isang kapat naman ang bahaging lupa.

Pagkatapos basahin ang talatang ito at sa tulong ng mga guhit/larawang nasa dahong 83 gawin ang mga sumusunod na mga pagsasanay. Ibigay ang hinihingi at isulat ang titik ng wastong sagot.

1. Kung ang lahat ng tubig sa ibabaw ng mundo ay titipunin sa iisang lugar lamang, ito ay bubuo ng ilang bahagi ng mundo?

   a. kalahati ng mundo   b. ikapat na bahagi ng mundo

   c. tatlong-kapat ng mundo

2. Ano sa palagay mo ang bahaging kulay bughaw sa globo?

   a. bahaging lupa   b. bahaging tubig   c. kagubatan

3. Ano naman ang bahaging kulay tsokolate at berde?

   a. bahaging lupa  b. bahaging tubig  c. kalawakan

4. Ano ang ibig sabihin ng palaso sa guhit?

   a. umiikot ang mundo

   b. malawak na kapatagan ang mundo

   c. natatangay ng hangin ang mundo

5. Ikaw ba'y naniniwala na ang mundo ay umiikot?

   a. oo  b. hindi  c. marahil

6. Kung ang sagot ay oo, ano ang palatandaan mo na ang mundo ay umiikot? Ito'y

   a. may gabi at araw  b. may lindol  c. may bagyo

7. Saan sa palagay mo umiikot ang mundo?

   a. sa kanyang aksis  b. sa kanyang orbit  c. sa daanan ng araw

8. Tingnan muli ang mga guhit, may ilang polo sa mundo?

   a. isa  b. dalawa  c. tatlo

9. Anong polo ang nasa gawing itaas ng mundo?

   a. polong hilaga  b. polong timog  c. di-natiyak

10. Isa sa mga sumusunod ang pinakamalaking kontinente ng mundo. Alin sa mga sumusunod ang tinutukoy?

    a. Asya  b. Aprika  c. Australia

Alamin mo ang mga sagot sa kasunod na pahina.

# MGA SAGOT

1. c
2. b
3. a
4. a
5. a
6. a
7. a
8. b
9. a
10. a

Unang Sanayang Pansarili

## MGA GUHIT SA GLOBO

Maraming guhit na likhang-isip sa globo. Nangunguna rito ang ekwador. Hinahati nito ang mundo sa hilagang-hating globo at sa timog hating- globo.

Makikita mo rin ang mga guhit na kaayon ng ekwador, ito ang mga guhit latitud. Ang layo ng mga latitud sa isa't isa ay sinusukat sa digri.

Tingnan mo ang mga guhit na patayo. Ito ay mga guhit na likhang-isip din na nagmumula naman sa polong hilaga patungong polong timog. Ito ang mga guhit longhitud. Tulad ng mga latitud ang pagitan ng mga longhitud sa bawat isa ay sinusukat din sa digri. Hanapin mo sa globo ang longhitud na may bilang a $0^{o}$, ito ang tinatawag na zero o prime meridian. Sa kabuuan, may 180 digring longhitud sa kanluran at sa silangan ng zero meredian.

An ika-180 digring longhitud ay katapat ng zero o prime meredian sa kabilang panig ng mundo at dumaraan naman sa Karagatang Pasipiko. Ito ay tinatawag na international dateline. Ito ang nagsisilbing batayan sa pagtataya ng oras at araw sa iba't ibang bansa sa daigdig.

Mayroon iba pang mahahalagang guhit sa mundo. Ang Tropiko ng Kanser ay 23 1/2 digri hilagang latitud mula sa

ekwador. Ang tropiko Kaprikorniya ay 23 1/2 digri timog latitud mula sa ekwador. Ang kabilugang Arktiko ay 66 1/2 digri hilagang latitud mula sa ekwador. Ang kabilugang Artarktiko ay 66 1/2 digri timog latitud mula sa ekwador. Buhat sa 66 1/2 digri latitud hanggang sa polong timog at polong hilaga ay tinatawag na Rehiyong Polar.

(Hango sa **Ang Pilipino sa Pagbuo ng Bansa p.71)**

Sagutin ang sumusunod na mga pagsasanay. Titik lamang ang isulat.

1. Anong guhit ang humahati sa mundo sa dalawang magkasinlaking bahagi, hilaga at timog?

   a. aksis b. prime meredian c. ekwador

2. Sa anong guhit matatagpuan ang bilang na zero latitud?

   a. ekwador b. prime meredian

   c. international date line

3. Anong hating-globo ang kinaroroonan ng Artarktika?

   a. hilagang hating-globo b. timog hating-globo

   c. kanlurang hating-globo

4. Aling guhit sa ibaba ang nasa zero digri longhitud?

   a. ekwador b. prime meredian

   c. international date line

5. Ang guhit international date line ang nagsisilbing batayan ng pagtataya ng oras at araw sa iba't ibag

bansa sa daigdig. Ano ang reaksiyon mo dito?

a. sang-ayon b. di-sang-ayon c. marahil sang-ayon

6. Ano sa palagay mo ang mabubuo sa pagkukrus ng landas ng latitud at longhitud?

a. grid b. digri c. celcius

7. Ito´y espesyal na guhit na kinaroroonan ng Pilipinas?

a. kabilugang arktito b. tropiko ng kanser c. tropiko ng kaprikorniyo


8. Alin sa mga sumusunod ang totoo sa rehiyong polar?

a. Dito´y lubhang malamig dahilan sa palagiang may yelo.


b. Dito´y lubhang mainit dahilan sa malapit sa ekwador.

c. Dito´y katamtaman lamang ang lamig at init.

9. Anong guhit ang tinutukoy sa bawat bilang?



10. Ibigay ang mga espesyal na guhit sa globo.




Tingnan mo ang mga sagot sa susunod na pahina.

## MGA SAGOT

1. c
2. a
3. b
4. b
5. a
6. a
7. b
8. a

9.
1. ekwador
2. prime meredian
3. international date line
4. polong timog
5. polong hilaga
6. grid
7. mga latitud
8. mga longhitud

10.
1. kabilugang Arktiko
2. Tropiko ng Kanser
3. Ekwador
4. Tropiko ng Kaprikorniyo
5. Kabilugang Antarktiko

**Unang Sanayang Pansarili**

## MGA DIREKSIYON

Pagkatapos nating pag-aralan ang mga guhit sa globo tatalakayin natin ang mga pangunahin at pangalawang direksiyon.

Ang silangan, kanluran, hilaga at timog ay mga pangunahing direksyon. Madaling malaman kung alin ang silangan. Lumabas ka ng inyong tahanan sa umagang-umaga. Tingnan mo kung nasaan ang araw. Humarap ka sa araw. Ito ang silangan.

Iunat mo ang dalawang braso kapantay ng balikat. Ang kanan mong kamay ay nakaturo sa timog. Ang kaliwa ay nakaturo sa hilaga. Ang kanluran ay nasa likuran mo. Humarap ka sa hilaga ang nasa kanan mo ay silangan at sa kaliwa ay kanluran. Humarap ka sa kanluran, ang nasa kanan mo ay hilaga at sa kaliwa ay timog.

Sa pagitan ng hilaga at silangan ay ang hilagang-silangan. Sa pagitan ng timog at silangan ang timog-silangan. Sa pagitan ng timog at kanluran ay ang timog-kanluran. Sa pagitan ng hilaga at kanluran ay ang hilagang-kanluran, ito ang mga pangalawang direksyon.

Pagkatapos mong basahin ang mga talataang ito, tingnan mo rin uli ang mga larawan at mapa. Sagutin din ang mga

kasunod na pagsasanay . Isulat ang sagot na titik ayon sa hinihingi ng pagsasanay.

1. Lumabas ka ng inyong tahanan sa umagang-umaga. Tingnan mo kung nasaan ang araw. Humarap ka sa araw. Ito ang silangan. Iunat mo ang dalawang braso kapantay ng balikat. Ang kanan mong kamay ay nakaturo sa timog. Ang kaliwa ay nakaturo sa hilaga. Ang kanluran ay nasa likuran mo. Humarap ka sa hilaga. Anong direksiyon ang nasa kanan mo?

   a. hilaga b. timog c. silangan

2. Ano naman ang nasa kaliwa?

   a. hilaga b. silangan c. kanluran

3. Anong direksiyon ang nasa likuran?

   a. hilaga b. timog c. silangan

4. Humarap ka sa kanluran. Anong direksiyon ang nasa kaliwa?

   a. hilaga b. timog c. silangan

5. Lumabas kang muli ng silid-aralan. Humarap ka sa pagitan ng hilaga at silangan. Anong uri ng direksiyon ang tinutukoy?

   a. pangunahing direksiyon b. pangalawang direksiyon c. hilagang-kanluran

6. Anong direksiyon ang tinutukoy sa bilang 5?


   a. hilagang-silangan b. timog-kanluran c. hilagang-kanluran

7. Anong direksiyon ang nasa pagitan ng Timog at Silangan?

   a. hilagang-silangan   b. timog-kanluran

   c. timog-silangan

8. Anu-anong direksiyon ang tinutukoy sa ibaba ng bawat bilang?




   1. h ________________ a
   2. t ________________ g
   3. s ________________ n
   4. k ________________ n
   5. h ______g s ________n
   6. t ______g s ________n
   7. t ______g k ________n
   8. h ______g k ________n

9. Pag-aralan ang mapa ng Pilipinas sa pahina 95.
   Nasa anong direksiyon ang Cebu mula sa Samar

   a. hilaga   b. timog   c. timog kanluran

10. Nasa anong direksiyon naman ang Masbate mula sa Samar?

    a. hilaga   b. hilagang-kanluran

    c. hilagang-silangan

11. Anong lugar ang nasa timog-kanluran ng Mindoro?

    a. Palawan   b. Panay   c. Batangas

12. Anong karagatan ang nasa silangan ng Pilipinas?

    a. Karagatang Pasipiko   b. Karagatang Atlantiko

    c. Karagatan ng Indiyan

13. Nasa anong direksiyon ng Pilipinas ang Timog-Dagat Tsina?

    a. Hilaga    b. timog    c. kanluran


14. Alin sa ibaba ang pulong nasa hilaga ng Pilipinas?

    a. Luzon    b. Samar    c. Mindanao

15. Anong pulo ang nasa kanluran ng Pilipinas?

    a. Palawan    b. Samar    c. Mindanao

Tingnan ang mga sagot sa kasunod na pahina.




**Saan naroroon ang Pilipinas ?**

## MGA SAGOT

1. c
2. c
3. b
4. b
5. b
6. a
7. c
8. 1. Hilaga
   2. Timog
   3. Silangan
   4. Kanluran
   5. Hilagang-Silangan
   6. Timog-Silangan
   7. Hilagang-Kanluran
   8. Timog-kanluran
9. c
10. b
11. a
12. a
13. c
14. a
15. a

**Unang Sanayang Pansarili**

## ISKALA NG MAPA

Ang isang larawan ay maaaring maging maliit o malaki kaysa sa tunay na bagay. Maaari rin itong maging kasinlaki ng tunay na bagay.

Halimbawa, ang pentel pen o ballpen sa guhit ay may 10 sentimetro ang haba at ito'y kasinlaki ng tunay na bagay. Ang tunay na haba nito ay 10 sentimetro. Dahilan sa magkatulad ang laki ng tunay na ballpen o pentel pen, ang iskala ng larawan ay isa sa isa (1: 1). Kung ipapantay ang larawan ng ballpen o pentel pen sa tunay na bagay, sampung larawan nito ang kailangan sa bawat tunay na ballpen o pentel pen. Dahil sampung larawan ng pentel pen o ballpen ang kapantay ng isang tunay na pentel pen o ballpen, ang iskala ay isa sa sampu (1: 10).

Gumawa ka ng mapa ng silid aralan. Ang bawat 0.5 sentimetro ng drawing ay katumbas ng 50 sentimetro ng totoong papel. Dahil sa may isang daang 0.5 sentimetro sa bawat 50 sentimetro, masasabi nating ang iskala ng papel ay isang daan o 1:100.

Nakatutulong ang iskala sa pagsasabi na ng layo ng mga lugar sa isa't isa. Sa paggawa ng isang mapa, kailangan ihanda muna ang iskalang gagamitin.

(Hango sa Pilipinas: Heograpiya at Kasaysayan p.16)

Pagkatapos mong basahin ang mga talataang ito, sagutin ang mga pagsasanay na kasunod.

1. Ang malaking bagay ay puwedeng maging maliit o malaki kaysa sa tunay na bagay sa pamamagitan ng paggamit ng
   a. mapa  b. iskala  c. grap
2. Kung ang bawat sentimetro sa iskala ay katumbas ng 500 km. ang tatlong sentimetro ay magiging katumbas ng
   a. 1,500 km.  b. 1,000 km.  c. 550 km.
3. Kung ang bawat sentimetro sa iskala ay katumbas ng 10 km. ang 100 km. ay katumbas ng
   a. 1 sm.  b. 5 sm.  c. 10 sm.
4. Kung ang iskala ay isang sentimetro sa bawat isang metro ang limang sentimetro ay magiging katumbas ng
   a. 5 m  b. 50 m  c. 500 m
5. Pag-aralan ang mga sumusunod na iskala:

   Iskala sa metro 1:2

   0 2 4 6 8 10 12 13 14 16 18

   a. Ang bawat isang sentimetro ay katumbas ng _____ metro.
   b. Ang bawat guhit na ganito kahaba (____) ay _____ metro ang tunay na haba.
   c. Ang isang guhit na ganito kahaba (________) ay ____ metro ang tunay na haba.

   Alamin mo ang mga kasagutan sa kasunod na pahina

## MGA SAGOT

1. b
2. b
3. c
4. a
5. a. dalawang metro

   b. dalawang metro

   c. apat na metro

Tapos mo nang pag-aralan ang tungkol sa mundo, guhit ng globo, ang mga iba't ibang direksiyon at ang iskala ng mapa.

Ngayon subukin mong sagutin ang panghuling pagsubok.

**Huling Pagsubok**

1. Ano ang nagiging sanhi ng pag-ikot ng mundo sa kanyang aksis?

   a. iba't-ibang klima    b. araw at gabi

   c. iba't-ibang panahon

2. Anong guhit ang nasa zero digri longhitud?

   a. ekwador    b. prime meredian

   c. international date line

3. Alin sa sumusunod ang patunay na ang mundo ay bilog?

   a. Ang anino ng mundo sa eklipse ng buwan ay pakurba.

   b. Hindi na nakabalik pa si Magellan sa Espanya.

   c. Kapag nahulog ang isang bagay ito ay babagsak sa lupa.

4. Ano ang hugis ng mundo?

   a. Bilog    b. tatsulok    c. oblong

5. Alin sa mga sumusunod ang totoo sa bahaging lupa at tubig?

   a. mas malaki ang bahaging lupa at tubig

   b. parehas ang laki ng lupa at tubig

   c. tatlong kapat ng mundo ang bahaging tubig at sang kapat ang bahaging lupa

12. Anong guhit ang nasa 180$^{o}$ longhitud batayan ng pagtataya ng oras at araw sa iba't ibang bansa sa daigdig?

a. ekwador b. prime meredian c. international date line

13. Kung ang iskala ng mapa ay isang sentimetro sa bawat 25 km. (1:25) ang tunay na layo ng Lungsod ng Butuan, Agusan del Norte, sa Lungsod ng Davao del Sur ay katumbas ng ilang km. kung ang layo nila sa mapa ay sampung sentimetro?

a. 200 km b. 150 km. c. 250 km.

14. Kung ang bawat sentimetro sa iskala ay katumbas ng 5 km., ang limang sentimetro ay magiging katumbas ng

a. 20 km. b. 25 km. c. 50 km.


15. Kung paghahambingin ang globo at ang sapad (flat na mapa ng mundo, alin sa dalawa ang mas kahawig ng mundo?

a. globo b. mapa c. wala sa A at B

16. Anong guhit sa globo ang nasa zero digring latitud?

a. ekwador b. prime meridian c. international date line

17. Ang sumusunod ay mga pangalan ng mga espesyal na guhit ng globo: ekwador, tropiko ng kanser, tropiko ng kaprikorniyo, kabilugang arktiko at kabilugang antarktiko. Isulat ang pangalan ng bawat guhit sa larawan ng mundong ito.




18. Kung ang isang bagay ay nasa pagitan ng hilaga at kanluran, ang bagay ay nasa anong direksyon?

    a. Hilagang-silangan  b. Hilagang Kanluran  c. Kanluran

19. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing direksiyon?

    a. timog  b. hilagang-silangan  c. timog-kanluran

20. Anong hating-globo ang kinaroroonan ng Kontinenteng Australia?

    a. Hilagang hating-globo  b. Timog hating-globo

    c. Silangan hating-globo

21. Ang Pilipinas ay nasa espesyal na guhit

    a. Tropiko ng Kanser  b. Tropiko ng Kaprikorniyo

    c. Kabilugang Artartiko

Tingnan ang mga sagot sa kasunod na pahina.

## MGA SAGOT

1. b
2. b
3. a
4. a
5. c
6. a
7. a. kabilugan arktiko
   b. tropiko ng kanser
   c. tropiko ng kaprikorniyo
   d. kabilugang artarktiko
   e. ekwador
8. b
9. a
10. b
11. a
12. c
13. c
14. b
15. a
16. a
17. a. kabilugang arktiko
    b. tropiko ng kanser
    c. ekwador

d. tropiko ng kaprikorniyo

e. kabilugang artarktiko

18. b

19. a

20. b

21. a

**Kabanata 2 – Lokasyon at Klima**

Magandang araw na muli sa'yo, batang mag-aaral. Ako na naman ang iyong kaibigang KIT na muling dumadalaw sa'yo. Marami kang matutuhan sa akin kung magiging matiyaga ka sa pagsubaybay sa bawat aralin. Ituturo ko ang mga kinalaman ng lokasyon at iba pang salik na pangheograpiya sa klima ng isang lugar. Ituturo ko rin sa'yo kung paano ang paligid ng mundo sa araw na nagiging dahilan ng pagkakaiba ng panahon.

Pagkatapos ng linggong ito, magagawa mo ang sumusunod:

1. Nasasabi na ang mundo ay umiikot sa kanyang aksis minsan sa loob ng 24 na oras.
2. Napaghahambing ang temperatura kung araw at kung gabi.
3. Natutukoy na ang mundo ay lumiligid sa araw sa loob ng 365 1/2 digri habang lumiligid sa araw.
4. Nasasabi na ang mundo ay nakakiling sa kanyang aksis 23 1/2 digri habang lumiligid sa araw.
5. Nasasabi ang kahalagahan ng mga espesyal na latitud sa pagkakaiba-iba ng klima.

Upang lalo kang makinabang sa aking sasabihin, dapat mong pag-aralang mabuti ang sinasabi ko. Sagutin mo ang mga pagsasanay pagkatapos ng mga paliwanag. Bago gawin ang mga aralin, ihanda mo ang iyong kuwaderno. Huwag mong susulatan ang aking mga dahon. Ang sagot ay isulat sa

kuwadernong sagutan. Bawat pagsasanay ay may mga sagot sa likod. Kung mali ang iyong mga sagot, gawin muli ang pagsasanay.

Bago simulan ang mga aralin, sagutin mo muna ang mga sumusunod na pagsubok.

**Panimulang Pagsubok**

Piliin mo ang wastong sagot. Titik lamang ang isulat.

Halimbawa: Ano sa palagay mo ang pinakamainit na oras sa buong maghapon?

a. umaga b. tanghali c. bukang-liwayway

sagot : ___b___

Magsimula ka rito:

1. Ilang oras ang isang ikot ng mundo sa kanyang aksis?

   a. 10 oras b. 14 na oras c. 24 na oras

2. Ano ang epekto ng pag-ikot ng mundo sa kanyang aksis?

   a. araw at gabi b. iba't – ibang klima c. iba't-ibang panahon

3. Anong oras ang pinakamalamig sa buong magdamag?

   a. umaga b. tanghali c. bukang-liwayway

4. Ilang araw ang isang ligid ng mundo sa araw?

   a. 24 b. 365 1/2 c. 364 1/2

5. Ilang digri ang pagkiling ng mundo sa kanyang aksis habang lumiligid sa araw?

   a. 22 1/2 b. 23 1/2 c. 24 1/2

6. Anong espesyal na latitud ang dinaratnan ng tuwid na sikat ng araw?

   a. mababang latitud b. gitnang latitud

   c. mataas na latitud

7. Anong angkop na klima ang mga bansang na sa gitnang latitud?

   a. gawain ng tao b. damit ng tao

   c. mga imbensiyon

8. Saang espesyal na latitud na malaki ang pagkakaiba ng panahon?

   a. mababang latitud b. gitnang latitud

   c. mataas na latitud

9. Alin sa ibaba ang mga salik na nakaaapekto sa klima ng isang lugar?

   a. temperatura at hangin b. dami ng ulan

   d. lahat sa nabanggit

10. Alin sa mga sumusunod ang totoo sa hanging mainit?

    a. magaan b. mabigat c. magalaw

11. Saan matatagpuan ang maulang klimang tropikal?

    a. rehiyong malapit sa ekwador

    b. rehiyong malapit sa polong hilaga

    c. rehiyong malapit sa polong timog

12. Anong bansa sa ibaba ang may klimang tropikal?

    a. Hapon b. Alaska c. Pilipinas

13. Saang lugar sa ibaba matatagpuan ang klimang labis na malamig?

    a. Siberia    b. New Zealand    c. Pransiya

14. Sa anong klima nabubuhay ang mga Eskimo?

    a. Klimang Polar    b. Klima sa Kaitaasan

    c. Maulang klimang tropikal

15. Ang Greenland at Artarktika ay nababalutan ng

    a. tubig    b. damo    c. niyebe

Tingnan ang mga sagot sa kasunod na pahina.

## MGA SAGOT

1. c
2. a
3. c
4. b
5. b
6. a
7. a
8. b
9. c
10. a
11. a
12. c
13. a
14. a
15. c

9. Anong oras sa buong maghapon mainam magtrabaho sa bukid ang magsasakang Pilipino?

   a. madaling-araw  b. umaga/hapon  c. tanghali

10. Bakit mainam magtrabaho sa bukid sa oras na ito?

    a. malamig na malamig  b. katamtaman ang lamig at init  c. mainit na mainit

11. Habang nakaharap sa araw ang isang kalahati ng mundo, ano naman ang nangyayari sa kalahating nasa kabila?

    a. araw  b. gabi  c. madaling-araw

12. Tingnan ang talaan ng oras sa iba't ibang bahagi 'ng mundo sa pahina 112. Kapag ika 11:00 ng gabi sa Pilipinas, anong oras naman sa California, Estados Unidos?

    a. ika: 7:00 sa umaga  b. ika: 6:00 sa umaga  c. ika: 7:00 ng gabi

13. Kung ika: 6:00 ng gabi sa Saudi Arabia, anong oras naman sa Arhentina?

    a. 12:00 ng tanghali  b. 12:00 ng gabi  c. 6:00 sa umaga

14. Anong bansa sa ibaba nagkakasintulad ang pagtatala ng oras?

    a. Brunie at Malaysia  b. Singapore at Hawaii  c. Guatemala at Arhentina

15. Kung tanghaling-tapat sa Taiwan, ano naman sa Greeland?

a. 6:00 ng umaga    b. hating-gabi    c. 6:00 ng gabi

Tingnan ang mga sagot sa kasunod na pahina.

| Brunei<br>China<br>Hongkong<br>Kota<br>Kinabalu<br>Macao<br>Malaysia<br>MAYNILA<br>Singapore<br>Taiwan | Korea<br>Okinawa<br>Tokyo | Brisbane<br>Canberra<br>Guam<br>Marianas<br>Melbourne<br>Papua New<br>Guinea<br>Saipan<br>Sydney | Anchorage<br>Fairbanks<br>French<br>Polynesia<br>Hawaii<br>Tahiti | Juneau<br>Vancouver | Alberta<br>Yukon | Costa Rica<br>Guatemala<br>Honduras<br>Manitoba<br>Mexico<br>Nicaragua<br>Saskat-<br>chewan | Bahamas<br>Colombia<br>Cuba<br>Ecuador<br>Haiti<br>Jamaica<br>Montreal<br>New<br>Brunswick<br>Ottawa<br>Panama<br>Peru<br>Quebec<br>Toronto | Barbados<br>Bermuda<br>Bolivia<br>Chile<br>Dominican<br>Republic<br>Fr. Guiana<br>Neth.<br>Antilles<br>Paraguay<br>Trinidad<br>Tobago<br>Venezuela<br>Virgin Is. | Brunei<br>China<br>Hongkong<br>Kota<br>Kinabalu<br>Macao<br>Malaysia<br>MAYNILA<br>Singapore<br>Taiwan | Argentina<br>Buenos Aires<br>Gothab<br>Greenland<br>Rio de<br>Janiero<br>Sao Paulo<br>Uruguay | GREENWICH MEAN TIME (GMT) | Algeria<br>Canary Is.<br>Ghana<br>Ireland<br>Ivory Coast<br>Mali<br>Mauritania<br>Morocco<br>Portugal<br>Senegal<br>Togo<br>Upper Volta | Austria<br>Belgium<br>Czechos-<br>lovakia<br>Denmark<br>France<br>Germany<br>Hungary<br>Iraq<br>Italy<br>Luxembourg<br>Monaco<br>Netherlands<br>Nigeria<br>Norway<br>Poland<br>Spain<br>Sweden<br>Switzerland<br>U.K.<br>Yugoslavia | Athens<br>Bulgaria<br>Cairo<br>Cyprus<br>Egypt<br>Finland<br>Greece<br>Israel<br>Jordan<br>Libya<br>Lebanon<br>Mozambique<br>So. Africa<br>S.W. Africa<br>Sudan<br>Syria<br>Turkey<br>U.A.R.<br>Zambia<br>Zimbabwe | Mauritius<br>U. A. E.<br>-4<br>Iran<br>-4½<br>Bahrain<br>Ethiopia<br>Kenya<br>Kuwait<br>Madagascar<br>Qatar<br>Saudi<br>Arabia<br>Somalia<br>So. Yemen<br>Tanzania<br>Uganda | Karachi<br>Pakistan<br>-3<br>Afghanistan<br>-3½<br>Bangladesh<br>Bombay<br>Dacca<br>Nepal<br>New Delhi<br>Sri Lanka | Rangoon<br>(Burma)<br>-1½<br>Bangkok<br>Cambodia<br>Djakarta<br>Saigon<br>Sumatra |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 0 | + 1 | + 2 | - 18 | - 16 | - 15 | - 14 | - 13 | - 12 | 0 | - 11 | - 8 | - 8 | - 7 | - 6 | - 5 | - 2½ | - 1 |
| 1N.U. | 2N.U. | 3N.U. | 7N.U. | 9N.U. | 10N.U. | 11N.U. | Tanghali | 1N.H. | 1N.U. | 2N.H. | 17 | 5N.H. | 6N.G. | 7N.G. | 8N.G. | 10:30N.G. | Hating-gabi |
| 2 | 3 | 4 | 8 | 10 | 11 | Tanghali | 1N.H. | 2 | 2 | 3 | 18 | 6 | 7 | 8 | 9 | 11:30 | 1N.U. |
| 3 | 4 | 5 | 9 | 11 | Tanghali | 1N.H. | 2 | 3 | 3 | 4 | 19 | 7 | 8 | 9 | 10 | 12:30N.U. | 2 |
| 4 | 5 | 6 | 10 | Tanghali | 1N.H. | 2 | 3 | 4 | 4 | 5 | 20 | 8 | 9 | 10 | 11 | 1:30 | 3 |
| 5 | 6 | 7 | [illegible] | 1N.H. | [illegible] | 3 | 4 | 5 | 5 | 6 | 21 | 9 | 10 | 11 | Hating-gabi | 2:30 | 4 |
| 6 | 7 | 8 | Tanghali | 2 | [illegible] | 4 | 5 | 6 | 6 | 7 | 22 | 10 | 11 | Hating-gabi | 1N.U. | 3:30 | 5 |
| 7 | 8 | 9 | 1N.H. | 3 | [illegible] | 5 | 6 | 7 | 7 | 8 | 23 | 11 | Hating-gabi | 1N.U. | 2 | 4:30 | 6 |
| 8 | 9 | 10 | [illegible] | 4 | [illegible] | 6 | 7 | 8 | 8 | 9 | 0 | Hating-gabi | 1N.U. | 2 | 3 | 5:30 | 7 |
| 9 | 10 | 11 | 3 | 5 | [illegible] | 7 | 8 | 9 | 9 | 10 | 1 | 1N.U. | 2 | 3 | 4 | 6:30 | 8 |
| 10 | 11 | Tanghali | [illegible] | 6 | [illegible] | 8 | 9 | 10 | 10 | 11 | 2 | 2 | 3 | 4 | 5 | 7:30 | 9 |
| 11 | Tanghali | 1N.H. | [illegible] | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 11 | Hating-gabi | 3 | 3 | 4 | 5 | 6 | 8:30 | 10 |
| Tanghali | 1N.H. | 2 | 6 | 8 | 9 | 10 | 11 | Hating-gabi | Tanghali | 1N.U. | 4 | 4 | 5 | 6 | 7 | 9:30 | 11 |
| 1N.H. | 2 | 3 | [illegible] | 9 | 10 | 11 | Hating-gabi | 1N.U. | 1N.H. | 2 | 5 | 5 | 6 | 7 | 8 | 10:30 | Tanghali |
| 2 | 3 | 4 | 8 | 10 | 11 | Hating-gabi | 1N.U. | 2 | 2 | 3 | 6 | 6 | 7 | 8 | 9 | 11:30 | 1N.H. |
| 3 | 4 | 5 | 9 | 11 | Hating-gabi | 1N.U. | 2 | 3 | 3 | 4 | 7 | 7 | 8 | 9 | 10 | 12:30N.H. | 2 |
| 4 | 5 | 6 | 10 | Hating-gabi | 1N.U. | 2 | 3 | 4 | 4 | 5 | 8 | 8 | 9 | 10 | 11 | 1:30 | 3 |
| 5 | 6 | 7 | 11 | 1N.U. | 2 | 3 | 4 | 5 | 5 | 6 | 9 | 9 | 10 | 11 | Tanghali | 2:30 | 4 |
| 6 | 7 | 8 | Hating-gabi | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 6 | 7 | 10 | 10 | 11 | Tanghali | 1N.H. | 3:30 | 5 |
| 7 | 8 | 9 | 1N.U. | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 7 | 8 | 11 | 11 | Tanghali | 1N.H. | 2 | 4:30 | 6 |
| 8 | 9 | 10 | 2 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 8 | 9 | 12 | Tanghali | 1N.H. | 2 | 3 | 5:30 | 7 |
| 9 | 10 | 11 | 3 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 9 | 10 | 13 | 1N.H. | 2 | 3 | 4 | 6:30 | 8 |
| 10 | 11 | Hating-gabi | 4 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 10 | 11 | 14 | 2 | 3 | 4 | 5 | 7:30 | 9 |
| 11 | Hating-gabi | 1N.U. | 5 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 11 | Tanghali | 15 | 3 | 4 | 5 | 6 | 8:30 | 10 |
| Hating-gabi | 1N.U. | 2 | 6 | 8 | 9 | 10 | 11 | Tanghali | Hating-gabi | 1N.H. | 16 | 4 | 5 | 6 | 7 | 9:30 | 11 |

NGAYON — KAHAPON — BUKAS

**Talaan Ng Oras Sa Iba't Ibang Bahagi ng Mundo**

Hango sa Kasaysayan ng Mundo, pahina 204-205.

## MGA SAGOT

1. b
2. b
3. a
4. a
5. c
6. c
7. b
8. c
9. b
10. b
11. b.
12. a
13. a
14. a
15. b

Ikalawang Sanayang Pansarili

## PAGLIGID NG MUNDO SA ARAW AT MGA URI NG KLIMA

Ang mundo ay may dalawang paraan ng paggalaw - ang pag-ikot sa sariling aksis at ang pagligid sa araw. Ito ay umiikot sa aksis mula sa kanluran tungo sa silangan. Ito'y lumiligid sa araw sa iisang landas.

Bawat pag-ikot ng mundo sa kanyang aksis ay tumatagal ng 24 na oras. Bawat isang ligid nito sa araw ay umaabot sa 365 1/4 araw. Ang paiba-ibang posisyon ng mundo habang lumiligid sa araw at ang pagkakiling nito sa kanyang aksis ang dahilan ng pagkakaroon ng iba't ibang panahon sa mundo.

Ang mga lugar na dinaraanan ng tuwid na sinag ng araw ay nakararanas ng dalawang panahon sa loob ng isang taon - tag-araw at tag-ulan. Sinasabing nasa mababang latitud ang mga bansang matatagpuan sa mga lugar na ito.

Ang mga lugar na dinaratnan ng palihis na sinag ng araw ay nakararanas ng apat na panahon nasa pagitan ng tropiko ng kanser at kabilugang arktiko. Apat din ang panahon nararanasan ng mga bansang nasa pagitan ng tropiko ng kaprikorniyo at kabilugang antarktiko. Ang mga bansang ito ay sinasabing nasa gitnang latitud. Ang mga panahon dito ay tag-init, taglagas, taglamig at tagsibol. Malaki ang pagkakaiba ng klima kung tag-init at taglamig sa mga lugar na nasa gitnang latitud. Dito'y lubhang mainit ang tag-init

at lubhang malamig ng taglamig.

Lalo namang malaki ang pagkakaiba ng panahon sa mga lugar na nasa kabila pa ng kabilugang arktiko at kabilugang antarktiko. sinasabing nasa mataas na latitud ang mga rehiyong ito. Palaging may yelo sa mga polo. Kung tag-init, anim na buwan na palaging may araw sa mga lugar na malapit sa polo. Kung taglamig naman, anim na buwan ding palaging gabi rito. (Hango sa **New Grade School Science** p.27)

Pagkatapos mong basahin ang mga talatang ito, sagutin ang mga sumusunod na mga pagsasanay.

1. Tingnan mo ang larawan sa pahina 121.

   Anong espesyal na guhit ang dinaratnan ng tuwid na sinag ng araw?

   a. tropiko ng kanser at tropiko ng kaprikorniyo

   b. kabilugang arktiko at kabilugang antarktiko

   c. kabila ng kabilugang arktiko at antarktiko

2. Dito'y nakararanas ng ilang panahon sa loob ng isang taon?

   a. isa    b. dalawa    c. tatlo

3. Anu-ano ang apat na panahon sa gitnang latitud?

   a. ________    b. ________    c. _______    d. ______

4. Sa anong espesyal na latitud lubhang malaki ang pagkakaiba ng klima kung tag-init at taglamig?

a. mataas na latitud

b. Gitnang latitud


c. mababang latitud

5. Anong espesyal na latitud ang may dalawang panahon sa loob ng isang taon?

a. mababang latitud b. gitnang latitud

c. mataas na latitud

6. Anong espesyal na latitud ang tinutukoy ng bawat bilang sa ibaba?




7. Anong panahon mayroon ang gitnang latitud sa mga sumusunod na buwan.

a. Hunyo ________________ b. Setyembre ____________

c. Disyembre ____________ d. Marso _________________

8. Ilang digri ang pagkakiling ng mundo habang umiikot sa kanyang aksis?

a. $22\ 1/2^{o}$ b. $23\ 1/2^{o}$ c. $23\ 1/3^{o}$

9. Doon mismo sa polong hilaga ay may iisang araw at iisang gabi sa loob ng isang taon. Kung gayon, bawat

araw at gabi ay tumatagal ng ______.

a. 2 buwan? b. 4 na buwan? c. 12 na buwan?

10. Ano sa palagay mo ang dahilan ng pagkakaroon ng iba't ibang panahon sa mundo?

a. ang pag-iba-ibang posisyon ng mundo

b. ang pagkahiling nito sa kanyang aksis

c. lahat sa a at b

Tingnin ang mga sagot sa kasunod na pahina.

## MGA SAGOT

1. a
2. b
3. taglagas, tagsibol, taglamig at tag-init
4. a
5. a
6. 1 & 2 mababang latitud

   3 & 4 Gitnang latitud

   5 & 6 Mataas na latitud
7. Hunyo - tag-init

   Steyembre - taglagas

   Disyembre - taglamig

   Marso - tagsibol
8. b
9. c
10. c

**Ikalawang Sanayang Pansarili**

## MGA URI NG KLIMA

Iba-iba ang klima sa iba't ibang pook sa mundo. Ang klima sa bawat lugar ay nababatay sa kahalumigmigan, patak ng ulan, temperatura at presyon at galaw ng hangin.

Kung ang sikat ng araw ay diretso sa isang lugar, ang hanging bumabalot sa lupa rito ay labis na umiinit. Ang mainit na klimang ito ang nagpapataas ng temperatura. Kapag umiinit ang hangin, ito ay gumagaan, tumataas at tuloy lumalamig.

Batay sa mga salik na nabanggit sa itaas, anim lahat ang uri ng klima sa mundo; maulang klimang tropikal, tuyo at maiinit na klima, katamtamang lamig kung taglamig, labis na lamig kung taglamig, klimang polar at klima sa kaitaasan.

Ang maulang klimang tropikal ay matatagpuaan sa mga rehiyong malapit sa ekwador. Dahil sa matatagpuaan na pag-ulan, maraming halaman ang naitatanim dito. Dalawa lamang ang panahon dito tag-araw at tag-ulan.

Sumusunod sa rehiyong tropikal na malapit sa Tropiko ng Kanser at Tropiko ng Kaprikorniyo ay matatagpuaan ang tuyo at mainit na klima. Dito'y walang katiyakan ang pag-ulan at kung umulan man ay madalang na madalang.

Ang katamtamang lamig ay matatagpuan sa gitnang

latitud. Ito'y nasa pagitan ng Tropiko ng Kanser at Kabilugang Arktiko sa hilaga at sa pagitan ng Tropiko ng Kaprikorniyo at Kabilugang sa timog. Dito'y di gaanong malamig ang taglamig at tumatagal lamang ng tatlong buwan. Ang apat na panahon sa rehiyong ito ay ang tagsibol, tag-init, taglagas, at taglamig. Ang malamig na klima ang pinakaangkop sa gawain ng mga tao.

Ang labis na lamig ay matatagpuan sa kabila ng kabilugang Arktiko. Dito'y mahaba at napakalamig ng taglamig. Maikli lamang ang tag-init dito at di-gaanong mainit ito. Ang ganitong uri ng klima ay di makikita sa timog hating-globo.

Ang klimang polar ay matatagpuaan sa rehiyong malapit sa polo. Ang temperatura rito ay mababa pa sa "freezing point" sa buong taon. ito ay nababalutan ng niyebe. Dito rin nabubuhay ang mga Eskimo.

Ang klima sa kaitaasan ay makikita sa lahat ng latitud kung ang lugar ay talagang mataas.

(Hango sa <u>**Ang Pilipino sa Pagbuo ng Bansa**</u>. p.71)

Pagkatapos mong basahin ang mga talatang ito, sagutin ang sumusunod na pagsasanay. Isulat lamang ang titik na may tamang sagot o di kaya sagutin kung ano ang hinihingi sa tanong.

1. Tingnan ang mga larawan ng mundo sa pahina 126 at 127.

Anong mga lugar ang nakararanas ng napakalamig na klima?

a. mga lugar na nasa kabilugang arktiko

b. mga lugar na nasa tropiko ng kanser

c. mga lugar na nasa tropiko ng kaprikorniyo

2. Anong bansa ang malapit sa ekwador na nasa tropiko ng kanser?

a. Burma b. Timog Afrika c. Nigeria

3. Aling lugar sa palagay mo ang mas malamig ang klima?

a. sa itaas ng bundok b. sa mga kapatagan

c. sa mga lambak

4. Kung ang sikat ng araw ay diretso sa isang lugar, ano kaya ang mangyayari sa hanging bumabalot sa lupa?

a. labis na iinit b. labis na lalamig

c. magkakaroon ng katamtamang temperatura

5. Ano ang masasabi mo sa hangin na mainit?

a. magaan b. mabigat c. magalaw

6. Anong uri ng klima ang matatagpuan sa mga rehiyong malapit sa ekwador?

a. klimang polar b. maulang klimang tropikal

c. tuyo at mainit na klima


7. Anong klima ang mainam sa pagtatanim ng maraming halaman, dahil sa madalas na pag-ulan?

a. tuyo at mainit na klima

b. labis na lamig kung taglamig

c. maulang klimang tropikal

8. Alin sa mga sumusunod ang totoo sa mga bansang may tuyo




**Hilagang Amerika**

1. Estados Unidos Alaska, Hawaii
2. Canada
3. Mehiko
4. Guatemala
5. Belize
6. Honduras
7. El Salvador
8. Nicaragua
9. Costa Rica
10. Panama
11. Cuba
12. Jamaica
13. Haiti
14. Dominican Republic
15. Puerto Rico
16. Virgin Island
17. Trinidad at Tobago
18. Barbados
19. Bahamas


**Timog Amerika**

1. Venezuela
2. Columbia
3. Equador
4. Peru
5. Bolivia
6. Chile
7. Arhentina
8. Uraguay
9. Paraguay
10. Brazil
11. French Guiana
12. Surinam
13. Guyana

**Africa**

1. Algeria
2. Morocco
3. Mauritania
4. Senegal
5. Gambia
6. Guinea-Bissau
7. Guinea
8. Sierra Leone
9. Liberia
10. Ivory Coast
11. Mali
12. Upper Volta
13. Ghana
14. Togo
15. Benin
16. Nigeria
17. Sao Tome at Principe
18. Niger
19. Chad
20. Republika ng Gitnang Africa
21. Cameroon
22. Equatorial Guinea
23. Gabon
24. Congo
25. Zaire
26. Angola Cabinda
27. Namibia (Timog-kanlurang Africa)
28. Timog Africa
29. Lesotho
30. Swaziland
31. Botswana
32. Malagasy Republic
33. Mozambique
34. Rhodesia
35. Zambia
36. Malawi
37. Tanzania
38. Burundi
39. Riwanda
40. Uganda
41. Kenya
42. Somali Republic
43. Afars at Issas
44. Ethiopia
45. Sudan
46. Ehipto
47. Libya
48. Tunisia

**Hango sa: Ang Pilipino sa Pagbuo ng Bansa, p. 354**
**Mapa 1 Ang Daigdig**




**Europa**

1. Ice land
2. Norway
3. Sweden
4. Finland
5. Unyong Sobyet
6. Poland
7. Silangang Alemanya
8. Kanlurang Alemanya
9. Denmark
10. Netherlands
11. Belgium
12. Gran Britanya
13. Ireland
14. Portugal
15. Espanya
16. Pransiya
17. Switzerland
18. Italya
19. Austria
20. Czechoslovakia
21. Hungary
22. Yugoslavia
23. Albania
24. Gresya
25. Bulgaria
26. Romania
27. Malta

**Asya**

1. Turkey
2. Cyprus
3. Syria
4. Lebanon
5. Israel
6. Jordan
7. Saudi Arabia
8. Yemen
9. P.D.R. of Yemen
10. Oman
11. United Arab Emiraes
12. Quatar
13. Kuwait
14. Iraq
15. Iran
16. Bahrain
17. Afganistan
18. Pakistan
19. India
20. Sri Lanka
21. Nepal
22. Bhutan
23. Bangladesh
24. Burma
25. Thailand
26. Kampuchea
27. Laos
28. Timog Vietman
29. Hilagang Vietnam
30. Hongkong
31. Macao
32. People's Republic of China
33. Mongolia
34. Hilagang Korea
35. Timog Korea
36. Hapon
37. Taiwan
38. Pilipinas
39. Malaysia
40. Singapore
41. Brunei
42. Indonesia
43. Portuguese Timor
44. Unyong Sobyet

**Oceania**

1. Papua New Guinea
2. Australia
3. Guam
4. New Zealand
5. Tutuila

**Hango sa: Ang Pilipino sa Pagbuo ng Bansa, p. 355**
**Mapa 2 ng Daigdig**

at mainit na klima?

a. Dito'y walang katiyakan ang pag-ulan.

b. Dito'y may dadalawa lamang na panahon.

c. Ang klimang ito ay maganda para sa mga gawaing pantao.

9. Sa anong klima nabubuhay ang mga Eskimo?

a. maulang klimang tropikal

b. klimang polar

c. klima sa kaitaasan

10. Saan matatagpuaan ang klimang labis na lamig kung taglamig?

a. malapit sa ekwador b. malapit sa tropiko ng kanser c. kabila ng kabilugang arktiko

11. Tingnan ang mapa ng mundo sa nakaraang pahina. Aling bansa sa ibaba ang may klimang polar?

a. Pilipinas b. Canada c. Siberia

12. Ang mga sumusunod ay mga bansang magkaparehas ang klima maliban sa isa, alin ang hindi?

a. Iceland b. Greenland c. Australia

13. Kung ang klima ang pag-uusapan, aling bansa ang kahanay ng Pilipinas?

a. Hapon b. Iran c. Indonesia

14. Aling bansa sa ibaba ang maikli lamang ang tag-init at di-gaanong mainit ito?

a. Norway b. Burma c. Estados Unidos

15. Ang Greenland at Antarktika ay nababalutan ng

a. tubig b. damo c. niyebe

16. Pagtapat-tapatimg ang Hanay A at Hanay B. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. maulang klimang tropikal | a. napakalamig ang taglamig |
| 2. tuyo at mainit na klima | b. mataas ang temperatura at kahalumigmigan |
| 3. katamtamang lamig kung taglamig | c. Di-gaanong malamig ang taglamig |
| 4. labis na lamig kung taglamig | d. madalang na madalang ang ulan |
| 5. klimang polar | e. mababa pa sa "freezing point" ang temperatura |
| 6. klima sa kaitaasan | f. makikita sa lahat ng latitud kung ang lugar ay mataas |
| | g. malamig lamang kung gabi |

Tingnan sa kasunod na pahina ang mga sagot.

## MGA SAGOT

1. a
2. a
3. a
4. a
5. a
6. b
7. c
8. a
9. b
10. c
11. c
12. c
13. c
14. a
15. c
16. 1. b
    2. d
    3. c
    4. a
    5. c

**Huling Pagsubok**

Narito ang ilang pagsasanay. Ibigay ang wastong sagot ayon sa hinihingi.

1. Ang isang buong ikot ng mundo ay katumbas ng ilang oras?

    a. 12 oras  b. 24 na oras  c. 48 na oras

2. Ano ang epekto ng pagligid ng mundo sa kanyang araw?

    a. araw at gabi  b. iba't-ibang panahon

    c. iba-ibang temperatura

3. Habang nakaharap sa araw ang isang kalahati ng mundo, ano naman ang nangyayari sa kalahating nasa kabila?

    a. araw  b. gabi  c. bukang liwayway

4. Ano ang pinakamalamig na bahagi ng isang araw?

    a. takip-silim  b. madaling-araw  c. tanghaling-tapat

5. Ang pagkakiling ng mundo sa kanyang aksis ng 23 1/3° habang lumiligid ito sa araw ang dahila ng _____.

    a. iba't-ibang pananim

    b. iba't-ibang panahon

    c. iba't-ibang klima

6. Ang isang buong ligid ng mundo ay umaabot sa ilang araw?

    a. 364 1/2  b. 365 1/4  c. 365 1/2

7. Dahil sa lokasyon ng Antarktika ito ay

    a. may mahabang taglamig kaysa tag-init

b. may yelo paminsan-minsan

c. nakararanas ng katamtamang init at lamig

8. Ang bansang matatagpuan sa pagitan ng zero digri hanggang 10 digri kanlurang longhitud at 35 digri hanggang 45 digri hilagang latitud ay sinasabing nasa

a. gitnang latitud

b. rehiyong malapit sa ekwador

c. pagitan ng Tropiko ng kanser at kaprikorniyo

9. Alin sa ibaba ang totoo sa mga lugar na malapit sa ekwador?

a. madalas ang pag-ulan b. mainit na mainit

c. madalang ang pag-ulan

10. Kung ang temperatura sa Pilipinas ay umaabot sa 30°C, labis na ang

a. ang lamig b. ang init c. ang hangin

11. Anong oras sa Polynesia kung ika-10 ng umaga sa Pilipinas?

a. ika-10 ng umaga bukas b. ika-4 ng hapon kahapon

c. ika-9 ng umaga ngayon

12. Aling klima sa ibaba ang angkop sa pananim?

a. klimang polar b. klima sa kaitaasan

c. klimang maulang tropikal

13. Anong klima naman ang matatagpuan sa lahat ng latitud?

a. klimang maulang tropikal b. labis na malamig kung taglamig

c. klima sa kaitaasan

14. Aling bansa sa ibaba ang naiiba sa grupo?

a. Malaysia b. Thailand c. Hapon

15. Anong espesyal na latitud malaki ang pagkakaiba ng klima kung tag-init at taglamig?

a. mababang lalitud b. gitnang latitud

c. mataas na latitud

Nasa kasunod ng pahinang ito ang mga sagot.

# MGA SAGOT

1. b
2. c
3. b
4. b
5. b
6. b
7. a
8. a
9. a
10. b
11. b
12. c
13. c
14. c
15. c

**Kabanata 3 – Kinalalagyan at Klima ng Pilipinas**

Magandang araw na muli, batang mag-aaral. Muli akong magtuturo sa'yo tungkol sa kinalalagyan at klima ng Pilipinas. Matutuhan mo rito ang kinalaman ng lokasyon sa klima ng bansa, epekto ng iba pang salik na may kinalaman sa klima ng bansa, at ang kinalaman ng klima sa uri ng likas na halaman at hayop sa bansa.

Matapos mong basahin ang mga aralin tungkol sa kinalalagyan at klima ng Pilipinas ay natitiyak kong pahahalagahan at mauunawaan ang katangiang pisikal nito at maipagmamalaki mo ang Pilipinas bilang sariling bansa.

